

Ang Kapanahunan Ng Iglesiang Sardis

Jeffersonville, IN
December 9, 1960

1 . . . ang hari. Kakasabi lang sa akin ng kapatid ko na mayroong—ang mga panyong ito ay para sa isang naghihingalo sa kanser. Kaya ipapanalangin natin ang mga ito maya-maya. [Ang sabi ni Brother Neville, "May dalawa pang kahilingan sa likod niyan."—Ed.] Dalawang kahilingan? Sige, sige, po. At ilalagap ko rito ang mga ito upang maipanalangin ko rin.

2 At may nagpasa kani-kanina lang sa akin ng isang maikling sulat, lumapit siya at nag-abot ng maikling tungkol sa mga gawain bukas. Kayong mga naririto na bumibisita sa amin, sadyang ikagagalak namin kung makarating kayo sa hapon sa ganap na alas-dos, bukas ng hapon, magdadaos sila ng gawain ng pakikinig ng tape. Kung wala kayong ibang gagawin, isa sa mga mensaheng hindi n'yo pa napapakinggan ang patutugtugin, at magkakaroon ng prayer meeting, at—at sadyang aasa tayo ng isang mainam na panahon bukas ng hapon sa ganap na alas-dos. Magiging masyado akong abala, dahil bukas (Kita n'yo?), kailangan kong mangaral ng Linggo ng umaga, at gayundin ng Linggo ng gabi, at maging bukas ng gabi, at lahat ng kasaysayan tungkol sa mga iglesiang iyon.

3 At ngayon, sa Linggo ng umaga, kung loloobin ng Panginoon, inaasahan natin ang isang dakilang panahon, dahil sa Linggo ng umaga na siyang pahinga natin, medyo pahinga tayo mula Sabado ng gabi . . . ay ang kapanahunan ng iglesiang Laodicea. Ngunit sa Linggo ng umaga'y gusto kong talakayin ang: Ang Natutulog na Birhen, at Ang Pagkabuhay na Muli. Ang apat na . . . Sandaan at Apatnapu't-apat na Libo, at lahat ng mga mumunting di nasagot na katanungang iyon ang bubuo ng mensahe para sa Linggo ng umaga. Ang mga gawain ay magsisimula ng alas nueve. Tama ba, pastor? Alas nueve, sa Linggo ng umaga, nais nating talakayin ang mga bagay na gaya ng "Anong mangyayari sa natutulog na birhen, at anong mangyayari sa matalinong birhen? Kailan sila babalik? O saan lilitaw ang sandaan at apatnapu't-apat na libo?" At marami pang mga bagay na tulad niyan para sa Linggo ng umaga, upang mapagdugtong-dugtong natin, at iyon ay karugtong rin ng mensaheng ito. At sa Linggo ng gabi tatalakayin natin ang huling dakilang anghel at ang mensahe sa panahong Laodicea, Panginoon, sa Linggo ng gabi, kung loloobin ng Panginoon.

4 At ngayon, bukas ng hapon naman ang gawain dito, ang pakikinig ng tape. Kakasabi lang sa akin ni Brother Gene, na kanilang—magsisimula tayo ng alas dos bukas ng hapon. At kayong gustong pumarito at makinig sa mga mensahe,

manalangin kayo sa altar, kayong naghahangad ng Espiritu Santo o anuman, napakaganda ng panahon. Ang iglesia ay kaaya-aya at mainit, nakabukas at nakahanda para sa sinuman, anumang oras nilang naising pumasok, manalangin at hanapin ang Panginoon. Bukas ang iglesia at naghihintay. At aasahan namin kayo, sabihin natin ng ganiyan, aasahan namin kayo bukas ng hapon.

5 O anumang oras na naisin n'yong pumasok sa simbahan upang manalangin, aba'y, laging nakahanda ito. At kung mangyaring nakasarado ang pinto o anuman, naroon sa pagtawid lamang ng kalsada, ang kapatid ko, na siyang katiwala dito. Palagay ko'y 411 iyon,'yan ang paniwala ko . . . o 811 . . . Iyon ba . . . 811, mga isang kanto lang mula rito sa iglesia: 811. Aba'y, kaniyang . . . Ang . . . Nasa maybahay niya ang susi kung sakaling makabig nila ang pinto at sumarado, ngunit iniwan nila itong bukas, marahil sa umaga ay binubuksan na nila. Isinasara ito sa gabi, pagkatapos ng gawain upang hindi ito matakbuhan ng mga bata, alam n'yo na, at mabasag ang mga bintangana at iba pa; alam n'yo naman kung papaano ang mga bata, lalo na sa panahong ito. Kaya isinasarado natin ito dahil diyan. Ayaw nga sana nating isarado ang pintuan ng iglesia anumang oras. Marahil kapag naayos na yung isa, isasaayos natin ito upang hindi na maging gayon, at ating . . . Maaaring may maiwan doon anumang oras upang ang mga tao ay makapasok at makapanalangin, makahingi ng kagalingan, at makahingi ng Espiritu Santo. 6 Kayo na wala pang Espiritu Santo sa inyong buhay, pumarito kayo, manatili kayo rito, manatili kayo nang magdamag kung gusto n'yo, manatili kayo hanggang sa Ito'y matanggap n'yo.

6 Sino yung narito kani-kanina lang na umaawit ng, "Ang Diyos na nakapalibot sa akin, at ang Diyos na nasa lahat ng dako"? Akala ko'y dumating na ang pag-agaw. Iginala ko ang paningin ko upang makita kung ang bawat isa ay naririto pa. Talagang kahanga-hanga iyon; pinahahalagahan ko iyon. Mapahihintulutan natin ang kaunti pang gayon anumang oras. Opo. Iya'y . . . Tamang-tama ang dating ko kanina upang mapakinggan ko iyon. 8 At di ko napakinggan ang mga magagandang awitan sa mga pagtitipong ito, dahil iniisip ko na marahil ay . . . O, masyado lang akong abala, alam n'yo naman 'yon. Nagdadating ang mga tao sakay ng eroplano, ng tren, ng . . . Hi—hindi n'yo ito nalalaman (Kita n'yo?), dahil tumatawag lang sila sa telepono; kailangan mo silang puntahan, katagpuin, ipanalangin, saan man sila naroroon. Sadyang wala itong patid, at pagkatapos ay sinisikap mo ring makapag-aral; nagiging malaki itong problema. Ngunit lagi naming ikinagagalak na katagpuin ang mga tao at gawin ang kaya namin para sa kanila, dahil ito'y isang . . . Iyon ang ating . . . Mga lingkod tayo ng madla

para sa Panginoong Jesus Cristo para sa Kaniyang bayan sa panahong ito. At gusto nating gumawa ng higit pa sa nagagawa natin, ngunit hindi natin kaya.

7 Isang ministro ang nagmamadaling dumating kaninang umaga, ninenerbiyos, at labis na nagugulumihan, isang mabuting tao. At dahil isa siyang . . . Nasobrahan siya sa trabaho. Nagkaroon ng . . . Nang siya'y bumangon, nakatayo ang kaniyang munting anak na babae sa silid, nagsimula siyang magpaikot-ikot. Nakasuot siya ng pulang padyama; aniya ang huling naaalala niya ay isang munting pulang tuldok na umiikot-ikot, na ganiyan: at biglang nawala. Kita n'yo? At kaya dali-dali nila siyang dinala rito. Kaya't ito'y sadyang dahil sa sobrang trabaho. Nakita n'yo? Tandaan n'yong kayo'y pisikal at na—nais nating . . . Iniisip nating lahat ng kabigatan ay pasan natin. Ngunit alam n'yo, may mga lingkod ang Diyos sa lahat ng dako upang pumasang ilan sa mga iyon, at kaya nga ginagawa lang natin ang abot ng ating makakaya. Ngunit isa siyang mabiyayang ministro na nagsisikap na gumawa ng lahat ng magagawa niya sa mga huling araw na ito para sa kaniyang Panginoon. Tiyak kong . . . At pinalaya siya doon mismo ng Panginoon, at umigi, nanumbalik sa normal na kalagayan at naging maayos ang lahat, at umuwi siyang nagdiriwang.

8 At oh, may naganap na isang dakilang bagay ngayong araw. Sadyang ayaw ko lang magsimula sa mga bagay na iyon, ngunit . . . Alam n'yo, sinabi ko sa maybahay ko, ika ko, "Ngayon, may isang taong darating, at isa siyang lalaki, mababa, mataba, itim ang buhok, at itim ang mata; babasahin niya ang karatulang iyon at magsisimulang . . . Ngunit tatawagin mo siya. Kita n'yo?" Sabi ko, "Dahil may mensahe ang Diyos sa kaniya." At itinaas ko nang nakabukas ang Biblia, at sabi ko, "Ilalapag ko dito ang mga bagay na ito upang makita mo na iyon talaga ang nais ng Diyos na ipagawa sa kaniya."

9 Walong taon na ang nakalilipas, isang lalaking taga Poland, lumaki sa Poland . . . Nagpunta siya sa entablado sa isang gawain at ang sabi nila . . . O, tinignan siya ng Espiritu Santo, at sinabi sa kaniya, "Sadyang naguguluhan ka." Iyon ang . . . Akala niya ako ang may sabi, ngunit ang Espiritu Santo ang nagsabi no'n. Nanatili iyon sa kaniya magmula noon, hanggang dalhin siya nito mula sa gusali kagabi mula sa Kansas City, at tunay siyang naguluhan nang marinig niya ang tungkol sa bautismo sa tubig. Nagtungo siya sa kaniyang hotel; at sinabi ng Espiritu Santo, "Bumangon ka ngayon at magtungo ka roon." May gustong sumama sa kaniya, ngunit tinanggihan niya, dahil sa pangitain ay dumating siyang mag-isa. Kita n'yo? At kaya . . . At maginoo niyang binasa ang karatula, at nagsimula na sanang umalis nang tawagin siya ng aking maybahay, at nagtungo ako sa pintuan; sabi ko, "Si-siya iyon; papasukin mo siya."

Aniya, "Ano'ng dapat kong gawin?" Matapos niyang maunawaan, aniya, "Ngayon, nakikita ko na." 13 Sabi ko, "Gusto ko itong ipakita sa'yo upang malaman mo na. Kita mo?" Ika ko, "Sinabi sa akin ng Panginoon na darating ka." At tinanong niya siya . . . Sabi ko, "Ngayon, narito ang Kasulatan. Basahin mo 'yun dito bago ka umalis."

10 Buweno, narito siya ngayon para magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Kaya . . . ? . . . Maaaring nakaupo siya rito ngayon, malay mo. Narito ka ba, kapatid? Isang kapatid na lalaki, taga-Poland. Huh? Oo, narito sa sulok. Tama. Tumayo ka . . . Itaas mo ang iyong kamay upang makita ka nila riyon. Tama. Kaya kita n'yo, ang Espiritu Santo . . . Sadyang nangyayari 'yan sa tuwina. Akala ng maraming tao sa pulpito lang dumarating ang mga pangitain. O, wala pa iyon. Ano, Brother Leo? Sadyang kahit saan. Kita n'yo? Buweno, gasino lang ang nagaganap dito. Kaunti lang ang nagaganap dito. Sa labas ito nagaganap buong maghapon at magdamag. Kita n'yo? Tanungin n'yo ang aking maybahay, at siya, sila, at ang kapitbahay kong nariyan, si Brother Wood, at lahat ng nasa palibot. Ay, naku. Maliliit na bagay lang ang nagaganap dito; ang malalaking bagay ay doon nagaganap. Ngayon, ang kalahati nito'y di pa naisasaysay. Oh. Lubos akong nagagalak na malaman na malapit nang dumating ang Panginoon, at makakasama na natin Siya magpakailan man; hindi pala magpakailan man, kundi sa walang hanggan, sa walang hanggan.

11 Ngayon, kung loloobin ng Panginoon, palagay ko'y sa a-disi-otso, Linggo, sa isa pang Linggo. Linggo, sa isa pang Linggo, sa a-disi-otso . . . Dumanas ako ng isang matinding pakikibaka; sinisikap ni satanas na bigyan ako ng trangkaso na laganap sa dakong ito; patuloy ko itong isinasauli sa kaniya; at pag iniaabot niya sa akin, ibinabalik ko naman sa kaniya. Kaya . . . Kaya nga't nakaranas ako ng matinding pakikipagbaka. Kaya't maaaring makipagbaka tayo ulit sa susunod na linggo. At pagkatapos no'n, kung loloobin ng Panginoon, sa isa pang Linggo, sa a-disi-otso . . . At, sisikapin nating maghatid ng mga gawain para maipanalangin ang mga maysakit, dahil sila'y—paurong na nang paurong ang mga bagay-bagay, at sisikapin nating asikasuhin kaagad ang lubhang malalalang kaso, sa buong magdamag at ang lahat ng mga bagay na kanilang ipinaroroo't parito. Kaya magdadaos tayo ng regular na healing service sa a-disi-otso. At kung may mga mahal kayo sa buhay na nagnanasang maipanalangin, buweno, ilapit n'yo sila, o dalhin n'yo sila sa araw na iyon.

12 Ngayon, marami sa mga taga-Jeffersonville ang nagsasabi sa akin, pumarito raw sila sa tamang oras, mga alas-singko, anila'y wala man lang

silang maparadahan ng kanilang mga sasakyan o . . . ? . . . Kaya't sila'y . . . Sabi ko . . . Buweno, inyong . . . Mga kapatiran natin ito na bumibisita mula sa kung saan-saan, mga tao, maraming mga ministro." Ang sabi ko, "Nanghahawakan sila sa pagtuturong ito." 17 At sinisikap lang nating talakayin

ang pinakamahahalagang bahagi. At di maglalaon, aba'y, ilalagay natin ito sa aklat para mabasa n'yo at— at may kaunti pang maidadagdag dito, dahil sa gabi . . . Napansin n'yo nung huling dalawang gabi, sinisikap kong tipirin ang boses ko (Kita n'yo?), gawa ng pinakamahahalagang bahaging iyon, iyon ang gusto kong makita; doon magaganap ang kapahayagan ni Cristo sa panahong ito (Kita n'yo?), kung ano ito.

13 At ngayon, bago tayo magsimulang bumasa ng mga Kasulatan . . . At alam kong araw bukas ng malakihang pamimili kung kailan ay kukunin natin ang mga groseri natin ng Sabado ng gabi. At kailangang makuha natin ang mga ito ng Sabado ng hapon o Sabado ng umaga, upang malibre ang Sabado ng gabi upang makapagsimba tayo. Kaya't sisikapin nating magpauwi nang maaga ngayong gabi upang hindi kayo masyadong mapagod bukas sa pamimili ng mga ito, at kayo'y makabalik sa gawain sa hapon kasama ng mga kapatirang lalaki na may hawak ng mga tape at ganu'n din bukas ng gabi. 19 Ngayon, kung mamarapatin nating tumayo sandali upang manalangin. Iniisip ko, bago tayo manalangin, kung may sinuman dito na mayroong natatanging kahilingan na nais ninyong maipanalangin, mangyari lang na inyo itong ipaalam sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay. Nakikita ng Diyos. Ngayon, makikita n'yo kung tayo ba'y nasa isang nangangailangang daigdig o hindi, mga kapatid. Sa wari ko'y nasa nobenta'y singko o nobenta'y otso porsyento ng mga naririto ang nagtaas ng kanilang mga kamay para sa . . . Ngayon, tandaan n'yo, hindi kayo maaaring kumilos nang hindi nalalaman ng Diyos. Kita n'yo? Nalalaman Niya ang iyong mga intensyon; alam Niya kung ano ang hinihiling n'yo. Magsiyuko tayo.

14 Mabayayang Ama sa langit, lumalapit kami sa Iyong kabanalan ngayong gabi, sa Iyong trono, sa pamamagitan ng Iyong pangakong Ikaw ay dirinig, at kung mananampalataya kami, ipagkakaloob Mo sa amin ang aming hinihiling. At ipinapahayag namin ang aming mga pagkakamali. Napag-uunawa namin, Panginoon, na hindi kami karapat-dapat sa Iyong mga pagpapala. Hindi kami karapat-dapat. Lahat kami'y hindi karapat-dapat, at hindi kami lumalapit na tila ba karapat-dapat kami at may nagawa kaming dakilang bagay. Oh, Ama, kapag tumitingin kami sa Kalbaryo, naalis lahat ng kadakilaan sa amin; wala na kaming iba pang nalalaman kundi si Cristo at Siya'y napako sa krus. At kapag napag-uunawa naming bumangon Siya sa ikatlong araw ayon sa

Kasulatan upang kami'y ariing-ganap, pagkatapos ay bumalik Siya makaraan ang apatnapung araw sa anyo ng Espiritu Santo upang sumaamin hanggang sa Kaniyang pagpapakita sa langit sa huling panahon . . . At nakikita naming mabilis na dumarating ang huling panahon. At kami ang pinakamasayang mga tao, Panginoon, dahil ibinigay Mo sa amin ang dakilang pribilehiyong ito.

15 Lubos akong nagpapasalamat, Ama, na ang mga tagapakinig na ito ay may mga pusong nakayuko at nakikinig . . . ? . . . At, Panginoon, dumadalangin akong pakabanalin Mo ang aking labi ngayong gabi at bawat gabi at tuwing tutungo ako sa Iyong pulpito upang mangusap sa Iyong bayan; dahil, Panginoon, huwag Mo akong hayaang makapangusap ng anumang bagay na mali. May kapangyarihan Ka pa rin na magtikom ng bibig gaya ng ginawa Mo kay Daniel sa yungib ng leon. At kung may sasabihin man akong anumang bagay na hindi ayon sa Iyong kalooban, itikom Mo po ang aking bibig, Panginoon, upang hindi ko ito maipangusap. Lagpasan Mo po ang kaisipan ko; ilagay mo ako sa tamang daan, Panginoon, kung saan katotohanan lamang ang maipangungusap ko ngayong gabi. Dahil napag-uunawa ko na sa dakilang araw na iyon ay maghihintay doon ang mga taong ito sa—maghihintay sila ayon sa ministeryo na ipinangaral ko sa kanila. Kung darating Ka upang— kunin ang alinman sa Iyong mga bituin, at Iyong mga anghel, Iyong mga ministro, Iyong mga lingkod, kailangang muna silang pagsulitin ayon sa mga mensaheng ipinangangaral namin dito. Mananagot sila sa Iyo, ang Iyong mga lingkod. 22 Ngayon, Ama, dumadalangin ako na ang Espiritu Santo ang Iyong pagsalitaan at hindi ang tao. Tuliin Mo ang aming mga puso upang marinig namin Siya. Makikinig ako, Ama. Dumadalangin akong pagalingin Mo ang mga maysakit at ang mga nagbabata. Lahat ng mga tao'y nangangailangan, sa lahat ng dako, ang Iyong biyaya at habag nawa ay sumakanila. Ipagkaloob Mo po ang bawat kahilingan na naipaalam ngayong gabi sa pamamagitan ng pagtataas ng kamay. Sa buong bansa habang marami pang ibang mga nagdurusa, maging ang mga kinakatawan ng mga panyong ito, at ng mga kahilingang ito na nasa ilalim ng kamay ko, patugunin Mo po ang Espiritu Santo, Ama, at pagalingin ang mga maysakit. Mangusap Ka ngayon sa amin mula sa Iyong naisulat na Salita sa pamamagitan ng Espiritu Santo, ang hiling namin sa Ngalan ni Jesus. Amen. (Makakaupo na kayo.)

16 Ngayon, medyo maalinsangan ngayong gabi dito sa simbahan. Malapit na nating talakayin ang dakilang kapanahunan ng iglesiang Laodicea . . . At ngayong gabi'y tutunghayan natin ang isa pang dakilang kapanahunan ng iglesia na siyang magiging—ikalimang kapanahunan ng iglesia. Natalakay na natin ang unang kapanahunan ng iglesia na dili iba't kundi ang Efeso. Marahil

ay babasahin ko itong muli sa pasimula; lahat ng mga ito ay nakasulat. Kaya't gusto kong basahin itong muli para sa inyo na nais magsiyasat ng inyong mga papel.

17 Ang unang kapanahunan ng iglesia ay ang kapanahunan ng iglesiang Efeso, mula A.D. 55 hanggang 170, si Pablo ang bituin, at ito ang unang kapanahunan ng iglesia. "Mga gawang walang pag-ibig" ang hinaing ng Diyos. Ang gantimpala ay Punong Kahoy ng Buhay. 25 Ang ikalawang kapanahunan ng iglesia

ay noong 170 hanggang 312, si Irenaeus ang mensahero ng panahon. At ang hinaing ay ang pag-uu—ay ang mga kapighatian at isang pinag-uusig na iglesia. Ang gantimpala, putong ng Buhay. 26 Ang ikatlong kapanahunan ng iglesia ay ang Pergamo, si Saint Martin ang mensahero ng iglesiang iyon. Ang kapanahunan ng iglesia ay mula 312 hanggang 606. Ang hinaing ay maling katuruan, inilatag na ni Satanas ang pundasyon ng pamumuno ng Papa, at ang pagpapakasal ng iglesia at estado. Ang gantimpala ay natatagong mana at isang batong puti. 27 At ang ika-apat na kapanahunan ng iglesia ay ang Tiatira; si Columba ang anghel ng kapanahunan ng iglesia, ang mensahero; nagtagal mula 606 hanggang 1520. At ang kapanahunan ng iglesiang ito ay ang panghihikayat ng Papa, ang panahon ng karimlan (dark ages). (Kagabi, alam n'yo na, ang panahon ng karimlan . . .) At ang gantimpala ay ang kapangyarihan upang mamuno sa mga bansa, at ang Tala sa Umaga, para sa anghel.

18 Ngayon, sa gabing ito, sisimulan natin ang ikalimang kapanahunan ng iglesia, na dili iba kundi ang kapanahunan ng iglesiang Sardis, S-a-r-d-i-s, Sardis. At ang mensahero sa kapanahunan ng iglesiang ito, si Martin Luther, ay naging mas tanyag sa mga iskolar ng Biblia, o sa mga guro, o sa karaniwang mananampalataya, sa araw na ito. At nagsimula ang kapanahunan ng iglesiang iyon noong 1520 at nagtapos noong 1750, mula 1520 hanggang 1750; at ito ang kapanahunan na kung tawagin natin ay Panahon ng Repormasyon. At ang hinaing ay ang paggamit ng sarili nilang pangalan. At ang gantimpala para sa munting labi na natira, ay ang paglakad na kasama Niya na may puting damit, at ang mga pangalan nila ay nasa Aklat ng Buhay ng Kordero. Pagpalain nawa tayo ng Panginoon sa pagtalakay natin ngayon. 29 Ngayon, magsisimula tayo sa unang talata ng ikatlong kabanata, hinggil sa kapanahunan ng iglesiang ito, ang mensahe sa Sardis, ang panahon ng repormasyon, mayroong kaunting nalabing mananampalataya, halos maubos na.

19 Ngayon, para sa mga baguhan, marahil ay masasabi n'yo rito, na—upang hindi kayo mapag-iwanan . . . Sadyang magaspang ito, at darating ang panahon na hahantong tayo sa pagpupuwesto ng ating mga mensahe sa— iguguhit natin ito, babalik tayo sa hapon at aayusin natin ito; maaaring magawa natin iyon sa Linggo. Ngayon, bawat isa sa mga ito'y kumakatawan sa kapanahunan ng iglesia: isa, dalawa, tatlo, apat, lima, anim, pito. Nagsisimula ito sa Filadelfia . . . 31 At itong narito sa itaas ay kumakatawan sa— sa kapangyarihan ng Pentecostes, o ng isang iglesiang nasa sa Pentecostes. Isang malaking iglesia ito noong pasimula, ngunit nag-umpisa sila ng isang espiritu ng denominasyon na dumating sa kanilang kalagitnaan, na nagtangkang idenomina ang iglesia, na kung tawagin ay mga gawa ng Nicolaitanes. Naririnig n'yo ba ako sa likuran? Talaga? Sige. Ang mga gawa ng Nicolaitanes. Ngayon, hindi pa ito isang doktrina. At tinalakay natin ang salitang iyon at hinimay, ano ba ang “mga gawa,” ano ba ang “Nicolaita.” Isang banyagang pangalan iyan sa atin, “Nicolaita,” kaya kinuha ko ang Griego at ito'y aking hinimay. At ang “Nico” ay nangangahulugang “sakupin, o gapiin, o supilin ang isang bagay.” Nicolaita, ang “laita” ay ang iglesia, “laity.” Nicolaita, mga gawang nagsisikap na sumupil sa karaniwang mga mananampalataya at ilagay ang lahat ng pagpapala sa . . . At ang tanging dapat magbasa ng Biblia, ang tanging dapat magpaliwanag ay ang obispo o kung sinong dakilang pinuno ng iglesia.

20 Pagkatapos ay nalaman natin sa ikalawang kapanahunan ng iglesia nagsimula itong lumaganap. Ito ay Pentecostes pa rin; at ito naman ay mga denominasyon: “d.” Ngayon, sa ikatlong kapanahunan ng iglesia, sa Pergamo, ay halos nasikil na palabas ang Pentecostes. Ngunit ang katuruan ng denominasyon, mula sa pagiging mga gawa dito, naging katuruan na pagdating dito. At tunay ngang ikinakasal na sila dito. Nagpakasal sila . . . Ang . . . Ang grupong ito na gumapi sa mga grupo ng Pentecostal . . . 34 Ngayon, ang pagkakasabi ko niyan, mga kapatid, iyan ang tapat na katotohanan. Batay iyan sa sagradong mga sulat ng mga mananalaysay. Ang mga aklat ng “Nicene Council,” Foxe's “Book of the Martyrs,” at lahat ng mga dakilang sina-unang kasulatan. Mayroon akong ilan sa mga pinakalumang mga manuskrito. At bawat isa . . . Sinasabi ko ito ng walang . . . Hindi ang Pentecostal ang tinutukoy ko ha. Hindi nangangahulugang . . . Kapag sinabi kong Pentecostes, hindi ito tumutukoy sa organisasyong ito sa panahong kinabubuhayan natin. Maysala din ito tulad ng iba sa kanila. Ngunit ang tunay na Pentecostes ang ibig kong sabihin, ang tunay na Espiritu ng Diyos na

may orihinal na katuruan, na may orihinal na mga pagpapala, na may orihinal na mga pangalan, na ang bawat bagay ay ayon na ayon sa kalagayan nito nung pasimula tulad ng naganap sa Biblia.

21 Ngayon, pagdating natin sa kapanahunang ito, nakita n'yo ba kung hanggang saan nakapanik ang Pentecostes? Nakikita n'yo ba nang maayos diyan sa likuran? Malinaw ba riyan sa bandang likuran? Mabuti. Ngayon, narito, kagabi, ang dakilang kapanahunan na tinalakay natin, si Constantine, Constantine, “C-o-n-s,” ang ilalagay ko. Siya, na isang pagano, hinilingan niya ang mga Cristianong ito (sila na may katuruan ng Nicolaitanes) kung kanilang mamarapatin na ipanalangin siyang manalo sa isang digmaan, buweno, magiging isa siyang Cristiano. Sa panahong iyon na nasa digmaan siya, nanaginip siya ay . . . Sa pamamagitan ng isang puting krus na inilagay sa kaniyang harapan, aniya, “Sa pamamagitan nito'y magwawagi ka.” At tama iyon. At ginising niya ang kaniyang hukbo at pininturahan ang kanilang mga kalasag ng puting krus, at diyan isinilang o nagpasimula ang orden ng Catolicong naririto sa araw na ito, na kung tawagin ay Knights of Columbus.

22 Ngayon, ngayon, si Constantine, may mga . . . Wala kang mapupulot sa mga kasaysayan na

magsasabing siya ay na-convert. Siya'y isa lamang likong pulitiko. Nilayon niya sa kaniyang kaisipan na pag-isahin ang kaniyang kaharian at ito'y patatagin. Kaya't siya, dahil isang pagano, ay sumasamba sa mga dios-diosan; at nakita niyang ang katuruan ng Nicolaitanes ay halos lubusan nang nakapaniil, kaya't ginamit niya ang kaparehong estratehiya na nakita natin kagabi. 37 At inihula na ito ni Jesus tatlong daan at apat na taon bago ito maganap, na ituturo niya ang aral ni Balaam, kung papaanong dinaya ni Balaam ang mga anak ni Israel, na nagbunsod sa kanilang mangalunya at—at maghandog— kumuha ng mga bagay na inihandog sa mga dios-diosan, kumain ng iba't ibang bagay. Ngayon, alam nating ang pagkain ng mga bagay na inihandog sa mga dios-diosan, sa katotohanan ay isang pagsamba. Sa kanilang pagdulog, yumuyukod sila sa mga dios-diosan, naibalik na muli ang mga dios-diosan sa simbahang Cristiano; gaya ng ginawa ni Balaam noon, tinuruan ang Israel na mangalunya, na dumalo sa malaking kapistahan ng dios-diosan.

23 Buweno, ganun din ang ginawa ni Constantine sa pamamagitan ng kaniyang estratehiya, at nagtatag siya ng isang iglesia. Nagbigay siya nang malaki sa Nicene Council, at sila'y . . . Nagtayo siya ng maraming malalaking gusali na pag-aaari niya, at ginawa niya itong mga simbahan. At pagkatapos ay gumawa siya ng isang malaking marmol na dambana, na napapalamutian ng ginto at mahahalagang hiyas. Sa ibabaw niyon ay naglagay siya ng tulad sa isang trono, at ginawa niyang pinuno ang isang lalaki tulad ng isang . . . Ang

tawag sa kaniya no'n ay obispo. At inilagay nila siya sa tronong ito. Nailuklok si Boniface III. Hindi siya nagpalakad-lakad doon na nakabihis tulad sa mga magsasaka, kundi iginawa nila siya ng napakagandang damit at binihisan siyang tulad sa isang diyos, at inilagay nila siya doon, at tinawag siyang "The Vicar." Kahalili, o ang "Vicarius Filii Dei," na nangangahulugang "sa halip ng Anak ng Diyos."

24 Ngayon, ito'y para sa kaniya na may karunungan, gumuhit kayo, isulat n'yo iyan: VICARIUS FILII DEI. At kapag gumuhit kayo ng linya sa ilalim nito at kinuwenta n'yo ang mga bilang, makakakuha kayo ng eksaktongeksakto sa sinabi ng Diyos na tatak ng halimaw: anim na raan at animnapu't anim. Kita n'yo, Vicarius Filii . . . Ngayon, nakapunta na ako sa Roma at gayundin sa Vatican. At ang tatlong bahagdang korona: pamamahala sa impyerno, sa langit, at sa purgatoryo . . . Kita n'yo? Nakita ko ang korona, nakita ko ang tsaleko, nakita ko roon . . . 40 Ang totoo, alas tres ng hapon ng isang Huwebes ay magkikita sana kami roon ng huling papa. Si Baron Von Blomberg ay mayroong . . . At sabi niya, "Ngayon, pagtungo mo ro'n, Brother Branham, ang unang dapat mong gawin ay iluhod mo ang kanang tuhod mo at halikan mo ang singsing na iyon." 41 Sabi ko, "Hindi puwede 'yon. Hindi puwede 'yon. Kalimutan mo na lang 'yon." Ika ko, "Ibibigay ko . . . Wala akong anumang laban sa taong iyon, siya'y . . . ? . . ." Ngunit ika ko, "Isang bagay lang, igagalang ko ang titulo ng isang tao. Kung siya'y isang "Reverend," ayos lang iyon, isang "Obispo, Elder, Doctor," anumang iyon, malugod akong magpupugay sa kaniya, ngunit ang sumamba sa isang tao? Nakalaan lang ang pagsamba ko sa isang Lalaking si Jesus Cristo. Siya lang ang tanging Lalaki na yuyukuran ko." Ang sabi ko, "Kalimutan mo na lang iyon. Kanselahin mo na lang." Hindi ko iyon matatanggap. Kaya't ako'y . . . 42 Pag-uwi ko nalaman ko na may isa pang dakilang Amerikano na gayon din ang ginawa, si Teddy Roosevelt. Tumanggi siyang gawin ito dahil . . . Natatandaan n'yo ba 'yon sa kasaysayan? Na tumanggi siyang makipagkita sa Papa dahil kailangan niyang hagkan ang kaniyang singsing o . . . Mayroon din sila nito sa malaking daliri ng paa, alam n'yo na. Kaya't . . . Oh, hindi. Hindi, hindi pupuwede 'yon. Kaya nga . . .

25 Gayunpaman, sa . . . Ngayon, tulad ni Balaam . . . At nakita natin kagabi, doon sa . . . Ngayon, dito muna, bago natin ito iwanan, pinagsanib nila ang iglesiang ito at ikinasal, kumuha sila ng mga paganong ideya, ng mga diosdiosang pagano na nasa simbahan. Ang diyos ng Jupiter, ang diyos ng araw, ang diyos ng Mars, ang diyos ng Venus, lahat ng mga dios-diosang iyon, at

inialis nila ang lahat ng mga iyon sa mga simbahang pagano; at naglagay sila ng Pablo, Pedro, birheng Maria, lahat ng mga iyon, at ang sabi, "Narito ang inyong Vicar dahil sinabi ni Jesus kay Pedro, 'Ibinibigay Ko sa'yo ang mga susi,' at siya'y isang apostolic successor." Katuruan pa rin iyan ng Catolico hanggang sa araw na ito. At naglagay sila ng mga dios-diosan. At ano ang ginawa nila? Dinala nila ang pagsamba sa dios-diosan sa Cristianismo, sa tinaguriang Cristianismo; hindi tunay na Cristianismo, dahil ang kakaunting Pentecostal . . .

26 Ngayon, tandaan n'yo, hindi ko . . . Hindi ko sinabing, mga Baptist, mga Methodist, o mga Presbyterian, ang kabilang dito. Kundi ang totoo, ang tunay na bagay ng Diyos ay ang Pentecostes; ito ang dati, ang kasalukuyan at magpakailan man. Diyan nagpasimula ang iglesia, dito mismo taglaya ang kapangyarihang Pentecostal. 45 Ngayon, sasabihin mo, "Tama ba iyan, Brother Branham?" Hihilingin ko sa inyong kunin n'yo ang mga kasaysayan, at suyurin n'yo ang mga panahong nagdaan hanggang dito, at tignan n'yo kung hindi nanghawakan ang bawat isa sa mga tunay na anak ng Diyos sa pagpapalang Pentecostal, nagsalita ng iba'tibang wika, nagpaliwanag ng iba't-ibang wika, nagtaglay ng mga tanda at kababalaghan, at nagbautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo. Lahat ng ginawa ng mga apostol, ay ginawa rin nila, hanggang sa bandang ito. Kaya diyan, sa pagbabasa ko ng kasaysayan, kinuha ko si Pablo, si Irenaeus, at—at hanggang kay Saint Martin, at Columba; bawat isa sa mga lalaking iyon, hanggang sa kapanahunang ito, ay nagtaglay ng mga tanda at kababalaghan.

27 Sige. Sinabi niyang—ang mikropono'y may kaunting . . . Mas maayos ba iyan? Sige. Hindi, umiiling sila; talagang hindi na nila ito marinig ngayon, Bill. Sige. Inyo bang . . . Ito ba'y . . . Ngayon, naririnig n'yo na ba ako? Ngayon, iyan naman? Mas mainam ba iyan? Iyan ba'y . . . Ang lahat ay magsabi ng, "Ayos na, Bone." Isang marka iyan laban sa iyo. Sige, okey.

28 Ngayon, dito sa kapanahunang ito nang gawin niya ang napakalaking bagay na ito, at inalagay niya ang lalaking ito bilang isang pandaigdigang obispo sa ibabaw ng lahat ng mga iglesia, binigyan sila ng maraming salapi at lahat na, at pinangakuan sila, at pinagsanib ang iglesia at ang estado, at pinakontrol ang iglesia sa estado. Ginawa siyang isang dakilang lalaki . . . Kaya't ganiyang-ganiyan nga . . . Katulad na katulad ng ginawa ni Constantine ang nakita natin sa isang iglesiang ito, tulad sa sinabi ng Diyos; sa mga kaarawan ni Elias, pinahintulutan nila ang babaeng si Jezebel na sumupil sa Kaniyang mga anak; naganap 'yan sa panahon ng karimlan. At tignan n'yo kung nasaan na ang Pentecostal ngayon. Naku, naku, nagdilim ito ng lubusan. At sa loob ng halos sanlibong taon, ito'y . . . Mula noong 500 hanggang 1500,

tama, iya'y mula 606 hanggang 530—520, ang tamang mga bilang, ngunit nasa sanlibong taon. Sila'y . . . madugong mga pag-uusig . . . Basahin n'yo ang kasaysayan.

29 Ngayon, sasabihin sa inyo ng Catolico na sila ang iglesiang Cristiano. Sila ang makadenominasyong iglesiang Cristiano. Ngunit ang tunay na mga Pentecostal ay ginipit, pinagpapatay, pinagpapaslang, at ipinapatay ng mga papa at mga obispo at iba pa, naging napakadugo nito. 49 Ngayon, isang araw ay buhay ko ang magiging kapalit (Kita n'yo?) ng pagsasabi ko niyan. Ngunit isang bagay ang tiyak; alam ko kung saan ako patungo, at ako'y . . . Kita n'yo? Sadyang patuloy itong nagpapatak ng dugo. Ngunit dumarating na ang oras, at nakikita n'yo ayon sa nangyayari sa bansa na hindi na ito magluluwat. Huwag na huwag kayong umurong diyan. Iyan ang katotohanan. Manatili kayo rito. Ilahok n'yo ang inyong dugo tulad nila nu'ng araw na iyon.

30 Ngayon, dito'y nakita n'yo kung ano ang naganap. At dito'y dumating ang aral ni Jezebel. Si Jezebel ay isang babae, isang pagano na . . . Tulad din ng ginawa ni Constantine ang ginawa ni Achab: pinakasalan niya ang babaeng ito para mapatatag ang kaniyang kaharian, at nagdala ng pagsamba sa diyosdiyosan sa Israel tulad na tulad ng ginawa ni Constantine noon. At halos lubusang naglaho ang Pentecostal. 51 Ngayon, pinalitaw ng Diyos si Martin Luther. Gusto kong pansinin n'yo kung papaano ito nagdilim dito at halos lubusan nang dumilim, at nagpasimula muling lumiwanag dito, at humantong dito. Kita n'yo? At medyo minarkahan ko iyan dahil ito'y isang—ito'y isang dakilang aralin para sa Linggo ng gabi, kung loloobin ng Panginoon.

31 Ngayon, ngayon, sa wari ko'y tipong napapagitnaan tayo sa kinaroroonan natin. Ngayon, dito sa bandang ito ay ang panahon ng karimlan, dito mismo, mula 1500—mula 606 hanggang 1520. Dito mismo. Inilagay ko ito rito para inyong . . . 606 hanggang 1520, iyan ang panahon ng karimlan, ang iglesiang ito, ang panahon ng karimlan. Ngayon, ang iglesiang ito na ating tatalakayin ngayon ay ang iglesiang Lutheran. 53 Ngayon, halos lahat ng naroroon, ang mga taong iyon ay namatay sa . . . Ang mga lalaking gaya ni Irenaeus, at Martin, at Columba, ay nagsilipas. At ngayon, kunin n'yo ang sinumang nagnanais, saliksikin n'yo ang anumang kasaysayang nais n'yong saliksikin, kung ito'y tunay na kasaysayan, at kapag sinasabi nila sa'yo na si Saint Patrick ay isang Catolico, hindi nila alam ang sinasabi nila. Iprinotesta ni Saint Patrick ang iglesiang Catolico, at hindi siya nagtungo kailanman sa Roma, at mahigpit na tinutulan ang kanilang aral.

Tamang-tama nga. Magpunta kayo sa hilagang Inglatera—o sa Ireland sa araw na ito, at ganu'n din ang makikita n'yo. Isang lalaki ng Diyos si Saint Patrick. Ngunit nang sinabi roon na itinaboy ni Saint Patrick lahat ng mga ahas sa Ireland, alamat lang iyon.

32 Ilan ba sa inyo ang nakabasa at nakarinig ng tungkol sa pagbaril ni William Tell sa isang mansanas sa ulunan ng anak niyang lalaki? Isa iyang alamat ng Catolico, walang isa mang salita niyan ang totoo. Nakapunta ako sa pinangyarihan daw no'n. Nakasulat iyon do'n sa Switzerland, isang alamat, hindi ito totoo. Naupo kami ni Billy sa tabi ng Lake Lucerne kung saan niya ginawa ang mga bagay na iyon. At may binaril siyang isang lalaki; hindi iyon pamamaril ng mansanas sa ulunan ng anak niyang lalaki. Alamat lang iyon, mga pamahiin, at mga bagay-bagay; hindi ito kailanman nangyari. Wala silang tala doon kung saan ito naganap o anupaman, na ginawa nga nila ito. At tunay na isiniwalat siya roon at sinabi kung ano nga ba iyon. Ngayon, ngunit tungkol dito, walang anumang kasaysayan na nagsasabing ginawa niya nga iyon.

33 Kaya ngayon dito, sa kapanahunan ng iglesia, diyan ito halos lubusang nagdilim, lubusang naglaho. Ngayon, sa isang kapanahunang ito dumating ang kapanahunan ng Repormasyon. Ngayon, ang mga bagay na ito pagkalipas ng halos sanlibong taon ng kadiliman at karimlan at unti-unting pagkupas, at iba pang tulad niyan, nakaligtaan ng iglesia si Irenaeus. Isa siyang dakilang lalaki, isang maka-diyos na tao. Gaya din naman ng daan-daang mga banal na mahal na buong-pusong nag-alay ng kanilang buhay, tumayo sa arenang iyon, sa abot ng kanilang makakaya (Kita n'yo?), para kay Cristo, para sa bautismo

sa Pangalan ni Jesus Cristo, para sa pagsasalita ng iba't-ibang wika, sa pagkabuhay na mag-uli ni Jesus Cristo na nabubuhay sa buhay nila at sa Kaniyang Banal na Presensyang naroroon, habang pinag-uusig sila ng mga taong nag-aangking mga Cristiano. Iyan ang tama. Tamang-tama iyan.

34 Oh, isa iyong puspos ng demonyong hukbo ng impyerno, hindi ko alam kung anong dapat sa kanila. Lumitaw nang ganun at itinatag at binuo ang kanilang mga sarili, "tinawag na isang propetisa ang kaniyang sarili," isang Banal na tagapagpaliwanag ng Salita, walang ibang nakakaalam kundi sila lamang. Nag-aangkin siya, ngunit isa siyang sinungaling. Kita n'yo? Ngunit sa panahon ding iyon, may anghel Siya roon na taglay ang katotohanan. Palaging magbabalik ang katotohanan dito (Kita n'yo?), laging magbabalik sa orihinal, dahil hindi nag-iiba diyan ang Diyos. 57 Ngayon, at nakita rin natin kagabi, bago natin iwan ito, upang mapagtibay sa inyong puso. Hindi lang . . . Sa tipo, si Jezebel ay may anak na babae. Naaalala n'yo yun? Sa Apokalipsis 13, ang sabi, ang tumalikod na iglesiang

ito, ang Roma, ay may mga anak na babae. Siya ang ina ng mga patutot. Tama ba? May anak na babae si Jezebel, at ano ang ginawa ni Jezebel sa kaniyang anak na babae? Kita n'yo, lahat ng mga bagay na iyon ay mga tipo at mga anino? Nakita ni Jezebel na pinakasalan ng anak niyang babae si Jehoram, na anak na lalaki ni Jehoshapat sa Judea.

35 Nahati ang Israel sa panahong iyon, nang ganito. Nandito ang Jerusalem, at nandito naman ang Judea. Aba'y, nandito si Achab, at nandito naman si Jehoram. Tama, nasakop ito ni Jezebel, tumanggap ng mga dios-diosan ang buong Israel. At pagkatapos . . . (Lahat maliban kay Elias at ang munting matapat na grupo . . .) Tama. Ngayon, nandito sa gawing ito si Jehoram na namumuno sa Judah; at nang magkaanak si Jezebel kay Achab, dinala niya ang dalagang ito at ipinakasal sa anak ni Jehoram—o sa anak na lalaki ni Jehoshapat na si Jehoram, at dinalan ng pagsamba sa diyos-diyosan ang Judah, at naglagay ng mga paganong dambana sa Jerusalem. 59 Ganiyang-ganiyan ang ginawa ng iglesiang Catolico. Iniabot niya ang kaniyang doktrina ng denominasyon at iba pa, at inalis niya ang Espiritu Santo sa iglesiang ito kasama ng kaniyang anak na babae (Lutheran, Methodist, Baptist, Pentecostal, at iba pa). Ganiyan nga ang ginawa niya. Ang sabi ng Biblia, "Siya'y ina ng mga patutot." 60 Ngayon, suriin n'yo lang mga Kasulatan. Kung may iba kayong makakita sa Kasulatan at kasaysayan hinggil sa mga bagay na iyon, lapitan n'yo ako bilang isang maginoong lalaki. Kita n'yo? Tama. Wala ito do'n.

36 Ang mga denominasyong ito ang nakalalasang mga bagay na tinaglay natin sa Protestanismo, na nagsisikap na pamahalaan ng tao ang iglesia, isa na namang—isang larawang katulad ng nakaluklok sa trono. Ang punong obispo, ang general overseer ng Pentecostal, "Buweno, ngayon, tignan ko nga, kung ano ang doktrina niya? Oh, nagbabautismo siya sa Pangalan ni Jesus? Hindi siya maaaring pumasok dito. Hindi po, kapatid." Tinataanggihan mo ito. Kailangan din nilang tanggihan ito. "Gusto kong ipaunawa sa inyo, sinuman sa inyo ay huwag pumunta sa gawaing iyon. Hindi puwede. Gaano man kalala ang sakit n'yo, lumayo kayo, anupaman ang ginagawa ng Diyos. Kung hindi mo gamit an gaming salamin sa iyong pagtingin, aba'y, wala kang anumang nakikita." Kaya't isang larawan ng hayop . . . At nagkabuhay ang larawan upang makapag-salita. Tamang-tama nga. Hindi mo iniisip na makapagsasalita siya, salungatin mo siya nang kaunti isang beses. Tiyak na mapapasok ka sa gulo.

37 Naaalala ko, sa Tulsa, Oklahoma, ako'y . . . Oh, napasok ako sa matinding kaguluhan doon, nagsimulang mamayagpag ang mga denominasyon doon. At nakaupo ako sa loob ng isang gusali isang araw, at nakakita ako ng pangitain.

Nakita ko ang isang maliit at magandang kuting, at nakahiga siya sa malambot na unan, at siya'y kagiliw-giliw na munting nilalang. At lumapit ako roon (at takot ako sa pusa), at nilapitan ko siya at sinimulan kong himasin, at ang sabi niya, "purr, purr." Alam n'yo na kung papaano nila iyon ginagawa, lumilikha sila ng nakatutuwang ingay, alam n'yo na. At hinihimas ko siya, at sabi ko, "Magandang munting kuting." At sabi niya, "purr," ayos na ayos lang, alam n'yo na. 63 At tumingin ako sa likod ng kaniyang unan, may nakasulat, "Pentecostal na kuting." Buweno, naisip ko, "Ngayon, hindi ba't kakaiba 'yon. Ngayon, malamang na pangitain ito." 64 At may kung Anong nagsabi, "Habang hinihimas mo ang balahibo niya nang paganito, ayos lang; ngunit ngayon, kung gusto mong makita kung ano ba talaga siya, himasin mo nang pasalungat ang balahibo niya." Kita n'yo? Kaya't nang hinimas ko ang balahibo niya nang pasalungat, nandilat ang mga mata niya, kulay berde, at naging isa siyang halimaw na nakatayo roon at dinuduraan ako nang todo-todo (Kita n'yo?), himasin mo lang nang kaunti ang balahibo niya nang pasalungat. Sabihin mo sa kaniya na ang kaniyang bautismo sa Ama, Anak, at Espiritu Santo ay sa diablo at nagmula sa iglesia Catolico, masdan mo kung ano'ng mangyayari sa kaniya. Kita n'yo, naiinis siya rito. 65 Bumaba ako at sinabi ko kina Brother Gene at sa iba pa sa kanila, doon sa bulwagan, kina Brother Leo at sa iba pa sa kanila, ika ko, "Totoo ngang nagkaroon ako ng tunay na pangitain tungkol sa mga denominasyong Pentecostal nung pagkakataong iyon."

38 Ngayon, ang ikatlong kabanata, atin munang . . . Isang patay na iglesia ang Sardis. Patay ito dahil napatay ito sa panahong ito. Maiksi lamang ang haba ng Buhay nito, makikita natin sa loob ng ilang sandali kung ano ito, mayamaya lamang. Mula 1520 hanggang 1750 ang kapanahunang ito ng Sardis. At ang bituin, o ang anghel ng . . . Ang bituin na nasa Kaniyang kamay, na siyang anghel o mensahero ng

kapanahunang iyon ng iglesia... Malinaw ba na ang bituin ay isang anghel, at ang anghel ay isang mensahero sa kapanahunang iyon? Sige. Sige.

39 Ngayon, natapos na tayo sa Nicene Council. Namatay na ito noon, at ang lahat ay napa sa kapangyarihan at kaluwalhatian, pinagsanib ang iglesia at estado. At may nakaaalala ba kung ano ang sinabi ng aralin natin kagabi, kung ano'ng palagay ng karamihan sa mga taong iyon? Ang milenyo raw ay nagaganap. At ang lahat ng . . . inumpisahan na nila ang milenyo ng hindi pa dumarating si Cristo. Kita n'yo? Ang pagdating ni Cristo ang maghahatid sa milenyo, unang-una.

At sa mga panahong iyon ay nagkaroon sila ng . . . Kung kukunin n'yo ang kasaysayan, makikita n'yong naglitawan sa kanilang kalagitnaan ang mga bulaang Jesus at lahat na. Kita n'yo? At iniisip pa nga nila na ang papa ay si Jesus, tinawag siyang vicar, "sa halip ng Anak ng Diyos." Opo, malaking banal na diyos, na para bang, nakaluklok doon.

40 May sasabihin ako sa inyo. Sinabi ng Bibliang sa pagdating ni Jesus, bago ito mangyari, magsisilitaw ang mga bulaang propeta, at may mga magsisilitaw ding mga bulaang Jesus. Tama. "Narito, ang . . ." Ngunit hayaan n'yong ihulog ko ito sa inyong puso: walang Jesus na tatapak sa lupang ito hanggang sa agawin at lumisan na ang iglesia. Ngayon, pakatandaan n'yo 'yan, dahil may magsisilitaw na mga bulaang cristo. Ngunit si Jesus ay hindi mapaparito sa ibaibaw ng lupa; dahil tutunog ang pakakak, at hindi Siya bababa; sasalubungin natin Siya sa himpapawid (wala na ang iglesia). At sa pagpapakita ni Jesus, ito na ang pagbabalik. Sasalubungin Siya ng mga Gentil sa himpapawid. Iyan ba ang Kasulatan? Kita n'yo? Sasalubungin nila Siya sa himpapawid, at pagkatapos ay aakyat tayo. At hindi tatapak si Jesus sa lupa malibang ang iglesia'y maagaw na at maiwi na at matapos na ang hapunan ng kasalan doon sa langit, at pagkatapos ay babalik Siya para sa nalalabing mga Judio.

41 Kaya't ngayon, tapos na ang Nicene Council, ang iglesia'y napasailalim ng pamumuno ng papa sa loob ng halos sanlibong taon. Pinagpapatay nila ang lahat ng hindi sumang-ayon sa kanila. Tama. Kailangan mong magpasailalim niyon o kung hindi ay papatayin ka, gaya ng ginawa ni Jezebel sa Israel. 70 Kakaunting-kakaunti lamang ang itinira ng Espiritu Santo sa kapanahunang ito, tulad nina Elias at ng labi ng Israel na hindi yumukod kay Baalim. Kung gusto n'yong basahin ko iyon, iyo'y sa Unang Mga Hari, ika-19 na kabanata at ika-18 talata, nang si Elias ay nasa yungib, at aniya, "Panginoon, pinatay nila ang lahat ng Iyong mga propeta. Lahat na ay ginawa nila, at nag-iisa na lang ako. At ako lang ang tanging nakatakas." Ngunit sinabi ng Diyos sa kaniya na mayroon pa Siyang ilang daan na hindi yumuyukod kay Baal sa karaniwang mga mananampalatayang naroroon.

42 At kaya, ang Sardis, magsisismula na tayo. Ang salitang "Sardis," sa unang talata, ang salitang "Sardis," sa terminong English, ay nangangahulugang, kung nais n'yong tignan, ito'y nangangahulugang "ang nakatakas." Ang tunay na Sardis ay ang "mga nakatakas." Iyan ang kahulugan ng "Sardis" (Tama), "ang nakatakas."—ngayon, tignan n'yo, "ang nakatakas." 72 Ngayon, magsisimula tayo sa unang talata. Napaka . . . Tatawagin natin itong kapanahunan ng Repormasyon, at angkop na angkop ito sa repormasyon

kung ganiyan ang ating itatawag, dahil ito'y. . . Ang repormasyon ay gawa ng mga nakatakas na umalis at nagsitanan.

43 Ngayon, kunin natin ang unang talata. ... sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may... pitong Espiritu ng Diyos, at may pitong bituin; Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalan na ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay. 74 Ngayon, ang pagbati. Ngayon ang pitong Espiritu ay . . . Ang pitong Espiritu at ang pitong bituin . . . Ang mga Espiritu ay ang mga anghel na nagtungo sa mga bituin na mga mensahero: pitong Espiritu, pitong iba't-ibang pagkakataon na papahiran ng Espiritu Santo ang isang mensahero, na isang bituin sa kaniyang panahon. Ang isang Espiritu ay eternal, at ang bituin na ginawa sa layuning magpaaninag ng Liwanag sa kadiliman ng mga kapanahunan ng iglesiang ito kinaroroonan ng mga ilawan at mga bituin. Ang anghel, ang Espiritu, ang pumaroon sa bituin upang ipaaninag ang Liwanag ng Espiritu Santo sa pamamagitan ng bituin sa kapanahunan ng iglesiang iyon. Kung nag-iisip kayo kung sinu-sino ang pitong Espiritung ito, ito ang pitong mensahero ng pitong kapanahunan ng iglesia. Kita n'yo? Ngayon, at sa tuwing darating ang bituin sa eksena, bumababa ang Espiritu Santo at pinapahiran ang bituing iyon at iniingatang tulad ng nauna.

44 Ngayon, hayaan n'yong pagtibayin ko iyon sa inyo. Sinabi ni Pablo . . . Kung gusto n'yong malaman kung anong uri iyon ng bituin, dahil tandaan, si Satanas ay isa ring bituin, tala sa umaga . . . Ngayon, pansinin, sinabi ni Pablo . . . Naniniwala ba kayo na siya ang bituin sa iglesia ng Efeso? Aniya, ngayon, kung gusto n'yong malaman kung ito'y tunay o hindi. Sa Mga TagaGalacia 1:8, sinabi ni Pablo, nangusap siya roon, na pagdating ng panahon, at ng mga ganid na lobo at iba pa, aniya, "Kung may isang anghel na bumaba mula sa langit at magturo ng ibang ebanghelyo . . ." Ngayon, alam n'yo na, na darating ang lalaking ito, na parang isang anghel, isang dakilang vicar. Aniya, "Maging sinuman iyon, kung isa mang anghel o sinuman ang dumating at magturo ng kaiba sa Ebanghelyong ito na itinuro namin sa inyo, siya'y

matakuwil." Tama ba?

45 Si Pablo nag-utos sa kanila na muling magpabautismo kung hindi pa sila nababautismuhan sa Pangalan ni Jesus Cristo, na magsilapit at muling magpabautismo upang matanggap ang Espiritu Santo, sa Mga Gawa 19:5. Siya rin ang nagpatong ng kamay sa mga tao, para sa mga kaloob, at nagsaayos ng paggana sa iglesia ng mga himala, ng Divine healing, mga kaloob ng wika, pagpapaliwanag ng mga wika. Tama ba? Sa I Mga Taga Corinto 12, tignan n'yo ang sinabi ni Pablo. Sa I Mga Taga Corinto 12, ay

makikita n'yo ito. Naglagay siya sa iglesia . . . Inilagay ng Diyos sa iglesia ang mga dakilang kaloob na ito; at isinaayos ni Pablo ang mga ito, at inilagay niya ito sa kaayusan upang gumana para sa kaluwalhatian ng Diyos. Sinabi iyan ni Pablo. Kung gayon sinumang tao, saang denominasyon man siya kasapi, na magsasabi sa inyo na ang panahon ng pagsasalita ng iba't-ibang wika, pagpapaliwanag ng mga wika, Divine healing, at mga himala, at ang pagsaksi ng Espiritu Santo bilang bautismo, siya'y matakuwil. Dahil ang Espiritu na dating na kay Pablo ay siya ring Espiritu na susuguin sa kasunod na kapanahunan ng iglesia, at ganu'n din sa mga susunod hanggang sa dulo ng kapanahunan ng iglesia. Iisang Espiritu, ang Espiritu Santo. Naniniwala ba kayo rian?

46 Kung mapapansin n'yo, ito'y nakasulat dito. Alam ng manunulat. Tignan n'yo, ang "pitong Espiritu." Masdan: malaking "E," Espiritu Santo, nag-iisa lang ito sa mga iyon. A-ha. Iisang Espiritu Santo na dumating ng pitong ulit sa lahat ng pitong kapanahunan ng iglesia na taglay ang iisang Liwanag. Nakuha n'yo na? Pitong kapanahunan ng iglesia, pitong ulit na dadalhin ng Espiritu Santo ang iisang Mensaheng ito, na naghayag ng sumpa sa sinumang babago Nito. 78 Ngayon, tignan n'yo kung aangkop iyon sa kapahayagan ng kabuuan nito. Sinabi Niya, "Sinumang magbawas o magdagdag, aalisin (ang kaniyang bahagi) mula sa Aklat ng Buhay." Sakop niyan ang lahat ng bagay kung gayon. Kaya wala ka nang lugar na malulundagan o malulusutan (Kita n'yo?), dahil 'yun na 'yon. Iyan ang sinabi ng Diyos; iyan ang sinabi ng Espiritu; at iyan ang sinabi ng mga iglesia. Ngayon, ngayon kung ipagpipilitan mo anumang iba pang uri ng aral kaysa sa itinuro ni Pablo, mali ito. Tama ang Biblia. Ang Kaniyang buhay . . . Sinabi ni Jesus, "Aalisin Ko ang bahagi niya mula sa Aklat ng Buhay." 79 Ngayon, sasabihin mo, "Ano'ng bahagi ng Aklat ng Buhay?"

47 Maraming mga taong ang mga pangalan ay nasa Aklat ng Buhay na tiyak na mabibigo. Alam n'yo iyan, hindi ba? Naaalala n'yo ba ang pagtuturo noong nakaraang gabi? Nakuha n'yo ba 'yon? Maaaring daanan natin 'yon, hindi pa rin mainam pakinggan; hindi mainam sa pakiramdam. Kita n'yo? 81 Si Judas Iscariote ay anak ni Satan; siya'y isang diablo na nahayag sa laman. Ganu'n ang sabing Biblia. Sabi ng Biblia isinilang siyang anak ng kapahamakan. 82 Masdan n'yo ito sandali. Ngayon, narito si Jesus; narito ang magnanakaw sa Kaniyang kanan; narito naman yu'ng isa sa Kaniyang kaliwa. Ngayon, nang . . . Si Jesus ang Anak ng Diyos. Tama ba? Ngayon, tatlong krus lang

ang nakikita ng ibang mga tao, ngunit apat ang naroroon: apat na krus. Ngayon, ano ba ang krus? Isang punong kahoy. Tama ba? Ang sabi ng Biblia, "Sumpain siya na binibitay sa punong kahoy." Ginawa Siyang sumpa para sa atin; nabitay Siya sa punong kahoy. Pinutol ito, ngunit punong kahoy ito. Tama ba? Sige. Dito sa paanan ng burol, may isa pang nakatayo. Nagbigti si Judas sa isang puno ng sikamoro. Tama ba? 83 Tignan n'yo. Narito ang Anak ng Diyos; nagmula sa langit, nagbalik sa langit, at isinama Niya ang nagsising makasalanan. Narito naman ang anak ng kapahamakan; nagmula sa impiyerno, nagbalik sa impiyerno, at isinama niya ("Kung Ikaw nga.") ang di-nagsising makasalanan (Kita n'yo?), ang dinagsising makasalanan, "Kung Ikaw nga ang Anak ng Diyos, iligtas mo ang iyong sarili at ganu'n din kami." 84 Ang sabi ng isang ito, "Tayo'y nag..." (nangangaral, ang mangangaral ng ebanghelyong iyon) "Dapat lang sa atin ang dadanasin natin, ngunit ang Taong ito'y walang ginawang anuman." "Panginoon, alalahanin Mo ako pagpasok Mo sa Iyong Kaharian." Sino iyon?

48 Ang ilang... Kaunti lang kagabi o kamakalawa ng gabi... Heto si Abel ng Diyos; heto naman si Cain ng diablo. Kung papaanong pinatay ni Cain si Abel sa dambana, pinatay ni Judas si Jesus sa dambana. Tama. Pumapailanglang noon ang usok sa Eden at bumababa muli rito ngayon. Tama nga. 86 Oh, maluwalhati ang lumang daang iyan, ang pinagpalang lumang daang iyan ay sadyang puno ng kaluwalhatian. 87 Ngayon, ngayon, makikita natin dito (Pagpaumanhinan n'yo ako.) na itong iglesia ng Sardis, sa anghel nito, ay sinabi Niya, "Ang pitong Espiritu; Siya na may pitong Espiritu..." ... sa anghel ng iglesia sa Sardis ay isulat mo; Ang mga bagay na ito ay sinasabi ng may pitong Espiritu ng Diyos, . . .

49 At ngayon ilan ang nakakaalam na ang Diyos ay iisang Espiritu? Tama. Ang Diyos, ang Espiritu Santo: Diyos, Ama, Espiritu Santo, iisang Persona lamang, dahil nagbuntis si Maria sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Ngayon, ang—ngunit ginamit ng Diyos ang Espiritu Santong ito sa pitong magkakaibang Liwanag ng ebanghelyo sa iglesia, pitong kapanahunan ng iglesia. Nakuha n'yo? Pitong kapanahunan ng iglesia. 89 Ngayon, sasabihin mo, "Hindi iyan ginawa ng Diyos." O, totoo iyan kapatid.

Tignan n'yo. Ginamit Niya ang Espiritu ni Elias, at ng si Eliseo ay umalis—ng umalis si Elias, doble Nito ang natanggap ni Eliseo. At nang magkasakit si Eliseo at mamatay, nagbalik Itong muli kay Juan Bautista: iisa lang, pinakinilos siya na tulad ni Elias, tumira sa ilang at iba pa. Tama ba? At naihulang darating itong

muli sa huling panahon. Kita n'yo? Patuloy na ginagamit ng Diyos ang Espiritu sa paglaon ng panahon.

50 At pinahiran si Jesus ng Espiritu Santo, na humayong gumagawa ng mabuti. Tama ba? At ang Espiritu Santo dating na kay Jesus ay muling nagbalik at pumasok sa iglesia nung araw ng Pentecostes, muling nagbalik sa sumunod na kapanahunan, sa sumunod pang kapanahunan, at sa sumunod pa ulit. At ano Ito? Ang kapareho at iisang Espiritu Santo. Oh, hindi n'yo ba nakikita ang Diyos na nasa itaas natin, sa pagiging Ama; ang Diyos na kasama natin, sa pagiging Anak; ang Diyos na sumasa-atin, sa pagiging Espiritu Santo. Ito'y tatlong opisina, at hindi tatlong diyos. Kita n'yo? Ang tatlong titulong iyon, Ama, Anak, at Espiritu Santo, ay pag-aari ng iisang Pangalan: Jesus Cristo. Tama.

51 Ngayon, masdan n'yo habang nagpapatuloy tayo. "Ang pitong Espiritu," sabi Niya na may hawak... Sa ibang salita, "humahawak sa Kaniyang mga mensahero," mga mensaherong mapapahiran ng Kaniyang Espiritu Santo, ng iisang Espiritu Santo na naipahid kay Pablo, ang unang pinahiran, sa ikalawa, ikatlo, ikaapat, ikalima, ikaanim, at ikapito, lahat sila'y nasa Kaniyang kanang kamay (Oh.), na kumukuha ng kanilang kapangyarihan at Liwanag mula sa Kaniyang kanang kamay. 93 Ngayon, umakyat Siya sa kaitaasan. At sinabi ni Felipe, nang siya'y naghihingalo—o sinabi ni Esteban, "nakita kong nabuksan ang mga langit, at si Jesus ay nasa kanan ng Diyos." Ngayon, hindi nangangahulugan na mayroong napakalaking kanang kamay ang Diyos, at Siya ay nakaupo roon; kundi ang "kanang kamay" ay nangangahulugang kanang kamay ng kapangyarihan at kapamahalaan.

52 Ang katawang iyon na nilikha ng Diyos . . . "Hindi ko titiisin ang Aking Banal na makakita ng kabulukan, ni iiwan man ang Kaniyang kaluluwa sa impiyerno," bagkus ibinangon Siya at pinaupo sa dambana sa halip ng Espiritu. Masdan. Nang Siya ay makita nilang nakaupo sa dambana, at hawak ang Aklat sa Kaniyang kamay, at walang sinumang tao sa lupa, o sa ilalim ng lupa, o kahit saan man na may kakayahan o karapat-dapat na tumingin man lang sa Aklat; ngunit isang Cordero na tila pinaslang mula pa nang itatag ang sanlibutan, nung pasimula, nang umpisahan Niya ang tinubos na katawang ito, lumapit Siya at kinuha ito mula sa kanang kamay Niyaong nakaupo sa

luklukan, at naupo mismo. Amen. Hayan na nga. Iyan ang Kasulatan. Sadyang napakaganda nito. Kita n'yo?

53 Ngayon, "Ang magtagumpay ay uupong kasama Ko sa Aking luklukan, gaya Ko naman na nagtagumpay at umupong kasama ng Aking Ama sa Kaniyang luklukan." Sa ibang salita, "Dinala ko sa loob ng Aking katawan ang Espiritu Santo. Pinagtagumpayan Ko ang lahat ng mga bagay ng sanlibutan sa panahon ng tukso sa pamamagitan ng Espiritu Santo, at Ako'y namayani. (At sa Kaniya'y nananahan ang Kapuspusan ng Pagkadiyos sa kahayagan ayon sa laman.) Lahat ng kapamahalaan sa langit at sa lupa ay naibigay na sa Aking mga kamay," ang sabi Niya. Lahat ng kapamahalaan . . . Kung gayo'y wala nang kapangyarihan ang Diyos kung Siya'y iba pang persona. Dahil sinabi ng Biblia, sinabi ni Jesus matapos ang Kaniyang pagkabuhay na mag-uli, na "Lahat ng kapamahalaan kapuwa sa langit at lupa, ay ibinigay na sa Aking kamay." 96 At si Jesus ay darating mula sa langit na kasama ang Kaniyang laksalaksang mga banal, at sinabi ng Bibliang nabasyo ang langit sa loob ng kalahating oras. Nasaan ang malaking Diyos na ito, kung gayon? A-ha. Kita n'yo, Siya'y na kay Cristo. Tama.

54 At sa pagtatagumpay natin sa pamamagitan ng Espiritu Santo na tulad Niya, uupo tayong kasama Niya sa pagkuha Niya ng makalupang luklukan ni David, upang lumuklok at magharing kasama Niya gaya ng ginawa Niya doon sa itaas (Amen.) na may kapangyarihan at kapamahalaan sa buong mundo. "At humihibik ang lupa, naghihintay sa pagkahayag ng mga anak ng Diyos upang maipamalas, mga anak ng Diyos." 98 Dahil kung sa bagay, hindi ibinigay ang mundong ito upang pamahalaan ng Diyos. Pansinin natin. Tama iyan. Sino ang diyos ng lupa? Ang Tao. Iyon ang sakop ng kaniyang pamamahala. Lahat, lahat ng bagay sa lupa ay nasa pamamahala ng tao. Nahulog siya dahil sa kasalanan: magbabalik siyang muli sa pamamagitan ng kapangyarihang tumubos ni Cristo (Tama iyan.), dahil ang lupa ay sa tao, ipinagkaloob ito sa kaniya, at siya ang tagapamahala ng lahat ng bagay. At ang buong kalikasan ay humihibik, naghihintay sa panahon kung kailan mahahayag muli ang mga anak ng Diyos. Ay, naku. Pagkahayag ng mga anak ng Diyos . . . Ngayon, makabubuting iwan na natin iyan ngayon.

55 Ngunit nasa Kaniyang kanang kamay ang mga mensahero, naghihintay. Saan man Niya sila isugo, iisa ang kanilang sinasabi. Dahil ang Espiritu Santong dating na kay Cristo . . . Oh, ang Espiritung dating na kay Cristo, nang Siya'y umalis, sinabi Niya, "Kaunti pang panahon at hindi na Ako makikita ng mundo ('kosmos,' ang salitang Griego na nangangahulugang

'kaayusan ng mundo'; hindi ang lupa, ang mundo, ang kaayusan ng mundo). Ang mga denominasyon, o anupamang iba pa, ay hindi na Ako makikita. Ngunit makikita ninyo Ako (ang iglesia, ang mananampalataya), sapagkat Ako . . . ('Ako,' tama ang panghalip na panao) Ako'y sasainyo, mananahan pa nga sa inyo, hanggang sa katapusan ng mundo," si Jesus Cristo ay Siya rin kahapon, ngayon, at magpakailanman. Nakikita n'yo?

56 Ngayon kung ang Espiritu Santo ni Cristo na dumating sa araw ng Pentecostes na gumawa ng mga bagay na iyon, ang Espiritu Santo ni Cristo ang itinulak palabas dito, at ang Espiritu Santo ni Cristo ay

namamalagi pa rin dito, ang Espiritu Santo ni Cristo ay namamalagi pa rin dito, hanggang s bandang ito at hanggang sa wakas ng mundo. Ang Espiritu Santong pumuspos kay Pablo at gumawa ng mga bagay na kaniyang ginawa, ay siya ring pumuspos sa isang ito, kay Irenaeus, pumuspos kay Martin, pumuspos sa lahat ng iba pa sa kanila, at Ito ang pupuspos sa inyo at sa akin ng kalubusan ng Espiritu Santo, at isa itong pagpapalang Pentecostal mula sa isang kapanahunan ng iglesia tungo isa pa: Alpha at Omega, ang Wakas at ang Pasimula, at Lahat-lahat, Ugat at Supling ni David, Tala sa Umaga, Rosa ng Saron, Lila ng Libis, at kung anu-ano pa, Ama, Anak, Espiritu Santo, Siya na Noon, Ngayon, at Ang Darating, ang Alpha, Omega, ang Lahat, ang Lahatlahat. Ay, naku. Napapakanata ako niyan. Oh, who do you say that I am, (sabi ni Jesus) from whence did you say that I came, Do you know My Father, or can you tell His Name? He said: I'm Alpha and Omega, the beginning from the end, I AM the whole creation, and Jesus is the Name. I AM that spoke to Moses in a burning bush of fire, I AM the God of Abraham, the Bright and Morning Star. (Tama.) I AM the Rose of Sharon, and from whence did you say that I came? I AM the whole creation, but Jesus is the Name.

57 Ang buong pamilya sa kalangitan at sa lupa ay nakakabit sa isang pangsansinukuban, pinagpala, puspos ng Espiritu Santo, niliglig, pinangalanan ng Espiritu Santo, ipinangusap ng Espiritu Santo, isinilang ng Espiritu Santong Pangalan. Tama. Ipinagkaloob ng Diyos na ang buong pamilya sa langit at sa lupa, at lahat ng bagay, at bawat tuhod ay luluhod sa Pangalang iyon. At walang ibang Pangalan na ibinigay sa silong ng langit na sukat ikaligtas ng tao: hindi marahil, sana, kundi sukat ikaligtas. Oh, Gustung-gusto ko ito. Napakainam nito. Tama.

58 "Sa Kaniyang kanang kamay . . ." Ngayon, nakita n'yo ba? Isa itong Iglesiang Pentecostal; sa buong panahon ay nagaganap ang kapangyarihan, mga tanda't mga kababalaghan. Ngayon, tayo'y . . . Nagpatuloy ito hanggang sa panahon ng karimlan kung saan muntik na Itong masugpo. Ngayon, kunin natin ang ikalawang talatang ito. Oh, palagay ko'y magpapatuloy lang tayo ng kaunti pa muna dito sa unang ito. Nalalaman ko ang iyong mga gawa, na ikaw ay may pangalang ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay 102 Kung babaling kayo dito sa kasunod na iglesia: masusumpungan n'yo, "Ngunit hindi mo ikinaila ang Aking Pangalan." Ang kasunod na iglesia'y, "Hindi ikinaila ang Aking Pangalan." Ngunit sa iglesiang ito, "May pangalan ka." Masdan n'yo ito. Iningatan ng iglesiang ito ang Kaniyang Pangalan: iningatan ng iglesiang ito ito ang Kaniyang Pangalan: iningatan ng iglesiang ito ito ang Kaniyang Pangalan: at ang iglesiang ito'y dumaan sa isang panahon ng karimlan at walang nasabing anuman tungkol dito; nang lumabas sila patungo sa Buhay sa bandang ito, ang unang kaunting nakatakas, nang inilabas sila ni Luther, "Ikaw ay may pangalang ipinamumuhay, ngunit ika'y patay." Ngayon, anong pangalan ang ginamit nila matapos silang tumigil sa paggamit ng Pangalan ni Jesus? Ama, Anak, Espiritu Santo. At walang gayong bagay. Isa itong patay—isa itong patay na teolohiya.

59 Sabihin n'yo sa akin: ang Ama ba ay pangalan? Ilang mga ama ang narito? Itaas nyo ang inyong kamay. Sino sa inyo ang may pangalang Ama? Mga Anak? At kayo'y mga tao, iyon kayo. Hindi . . . Ang Pangalan Nito'y hindi Espiritu Santo, iyon Siya; Ito'y ang Espiritu Santo. Ang Pangalan . . . Hindi pangalan ang Espiritu Santo; isang titulo ang Espiritu Santo; Ama, Anak, at Espiritu Santo. 104 Kaya nakita n'yo d'yan, sing-walang pundasyon ito ng turong eternal na anak. Walang gayong bagay tulad ng eternal na anak. May pinanggalingan ang isang isinilang na anak; ang eternal ay wala.

60 Walang gayong bagay, tulad ng sinabi ko nung isang gabi, tulad ng eternal na impiyerno. Paanong magkakaroon ng eternal na impiyerno? Kung gayo'y noon pa man ay lagi nang may impiyerno. Ang sabi ng Biblia nilikha ito para sa diablo at sa kaniyang mga anghel. Lagi nang may impiyerno; at kung laging mayroon nito, dapat mayroon na nito nung pasimula pa lamang. At ano'ng... Sino ang gumamit nito nung Siya'y si El, Elah, Elohim pa, "ang Nabubuhay na Mag-isa," nung wala pa Siyang kasama? Kung gayo'y dapat ay nandoon na rin ang impiyerno na kasama Niya. Kita n'yo? Nilikha ang impiyerno para sa diablo at sa kaniyang mga anghel. At ibubulid dito ang lahat ng masasama. Tamang-tama nga. Marahil ay parurusahan sila nang sandaang milyong taon

sa kanilang ginawa. Ngunit darating ang panahon na mararanasan nila ang ikalawang kamatayan. Wala nang matitira pa sa kanila. Lahat ng bagay na may pasimula ay may katapusan. Kaya't kapag tumanggap tayo ng Buhay na Walang Hanggan, tumatanggap tayo ng bahagi ng cosmic light na naroon na bago pa man magkaroon ng molekula. Pumapasok sa puso natin ang Liwanag ng Diyos upang maliwanagan tayo at makita natin si Jesus. Ang sabi ng Biblia hindi natin nakikita ang lahat ng bagay, ngunit nakikita natin si Jesus.

61 Ngayon, sinabi Niya, "Nalalaman Ko na . . . Ako ang may hawak ng pitong Espiritu na isinugo sa pitong iglesia. Nalalaman Ko ang lahat ng iyong mga gawa at ang lahat ng tungkol dito, ngunit mayroon kang pangalan na iyong ipinamumuhay ngunit ika'y patay." Ngayon, tandaan, kaninong kapanahunan ito? Kay Martin Luther, kapanahunan ng Lutheran. Ngayon, nahatulan na sila sa pasimula pa lamang. Ni hindi pa sila nakapagsisimula; patay na sila sa pasimula pa lamang. Hindi na nila kailangang mamatay, patay na sila sa simula pa lamang. Kita n'yo? Naagaw lang sila.

62 Ngayon, pansinin n'yo ito. Ngayon, basahin natin ang kasunod na talata: Tignan n'yo. Magpuyat ka

at pagtibayin mo ang mga bagay na natitira, na malapit ng mamatay: sapagkat wala akong nasumpungang iyong mga gawang sakdal sa harapan ng aking Dios. 108 Ngayon, kinakausap na niya si Luther. Tinatanggap nating lahat na ito ang kapanahunan ng mga Lutheran; iyon ang repormasyon. Ngayon, ano'ng sinabi Niya? "Nagdala ka ng maling pangalan na iyong ipanamumuhay, ngunit ika'y patay." Anong ginawa nila? Ito'y kaagad nilang ibinalik muli sa denominasyon. Kung gayon hindi maaaring sabihin ng palayok sa takuri na siya'y mauling; huwag n'yong tuligsain ang Catolico (Kita n'yo?), dahil nagbalik din kayo rito, gamit din ang kaniyang mga kredo at mga pangalan. At buweno, dinala ni Luther ang karamihan sa katekismo at iba pa na mayroon ang iglesiang Catolico at siya mismo ay kumuha ng pangalan. Kita n'yo, "May pangalan ka na iyong ipinamumuhay, na galing sa patay na sanlibong taong ito, pagkatapos ay nanghahawakan ka pa rin sa pangalang iyon. Mayroon kang pangalan," natatandaan mo ba? 109 Upang matiyak na tama iyon, sa ibang mga iglesya'y sinabi, "Iningatan mo ang Aking Pangalan." "Iningatan mo ang Aking Pangalan." Naiwala Ito ng kapanahunang ito. At nalantad ito rito sa pagsasabing, "May iba kang pangalan na iyon ipinamumuhay, ngunit ika'y patay."

63 O, kayong mga Methodist, Baptist, Presbyterian, Lutheran, at Pentecostal, magsipagsisi kayo at magpabautismo sa Pangalan ni Jesus Cristo para sa ikapagpapatawad ng inyong mga kasalanan. Magsilabas kayo sa mga patay na kredo at iba pang mga bagay na iyan na pag-aari ng iglesiang Catolico na susunuging kasama ng lahat ng mga anak niyang babae. 111 Walang isa man na makapagsasabi na ang Ama, Anak, at Espiritu Santo, ang ganiyang uri . . . At ang bagay na iyon, at tinatawag nila itong santisima trinidad. Trinity? Gusto kong hanapin ng sinuman ang salitang "trinity" sa Biblia, at lumapit kayo at sabihin ito sa akin, hanapin n'yo lang ang salitang "trinity." Wala iyon diyan. Walang ganiyan.

64 Ngayon, ngayon. ... at malapit ng mamatay:... 113 "Panghawakan n'yo ang kung ano'ng mayroon kayo; inilabas kayo ni Luther. Panghawakan n'yo iyon, dahil malapit na itong mamatay. Kayo'y . . . Kayo'y pipiliting ibalik muli ro'n. Panghawakan n'yo iyan; malapit na itong mamatay." 114 Ngayon: ... at hindi ko pa nasumpungang sakdal ka sa harapan ng Diyos. 115 Hindi ba't napakaganda niyan? Ay, naku. Gustung-gusto ko iyan. Hindi pa sakdal, bakit? Inaring-ganap pa lang sila; nangaral si Luther ng pag-aaringganap; kailangan ka pang pabanalin at mapuspos ng Espiritu Santo. At kung magkagayon hindi na nila pag-aari ang kanilang sarili; pinasakdal sila ng Espiritu Santong nasa kanila. Hindi ang Cristiano ang sakdal; sakdal ang Espiritu Santong nasa kaniya. Kita n'yo? Iyon ang . . . Gaya ng sabi ko, "Hindi banal ang bundok; ang banal ay ang Diyos na nasa bundok. Hindi banal ang iglesya, hindi banal ang mga tao, kundi ang Espiritu Santo na nasa iglesya at nasa mga tao." Iyon ang banal. Kita n'yo?

65 "Ngayon, hindi ko nasumpungang sakdal ang iyong mga gawa. Hindi ka pa umaabot sa kasakdalan." Dahil nakita natin na mayroon na silang pagaaring-ganap dito, pag-aaring-ganap. Ito'y . . . Hindi, pasensya na. Ang pag-aaring-ganap ay nadito sa ilalim ng panahon ni Luther; at ang pagpapakabanal naman ay dito; at dito naman ang Espiritu Santo. Kita n'yo? Ngayon, ang tatlong elementong iyon na gumawa sa tatlong kapanahunan ng iglesiang iyon, ay kailangan upang mabuo ang isang ganap na kapanganakan. Ipinaglihi pa lang sila bilang mumunting binhi sa sinapupunan ng ina. Tama, darating ang Espiritu Santo upang isilang . . .

66 Ngayon, nais kong magtanong sa inyo. Kapag nagaganap ang isang natural na kapanganakan, ano'ng unang lumalabas? Tubig. Pagkatapos? Dugo. Tama ba? Pagkatapos? Espiritu. Tama. 118 Ano'ng lumabas sa katawan ni Jesus ng Siya'y mamatay? Tinusok nila ang Kaniyang tagiliran, at lumabas ang tubig at Dugo, "At sa Iyong mga kamay ay ipinagtatagubilin Ko ang Aking Espiritu": Tubig, Dugo, at Espiritu. 119 "Yamang inaring-ganap sa panampalataya (Mga Taga Roma 5:1), mayroon tayong kapayapan sa Diyos sa pamamagitan ng ating Panginoong Jesus Cristo," pag-aaring-ganap. Pagpapakabanal, Mga Taga Hebreo 13:12 at 13, "Nagbata si Jesus sa labas ng pintuan upang Kaniyang mapaging banal ang bayan sa pamamagitan ng Kaniyang Sariling Dugo." Lucas 24:49, "Datapuwa't magsipanatili kayo sa bayan ng Jeusalem hanggang sa kayo'y masangkapan ng kapangyarihang galing sa itaas. Pagkatapos nito'y darating ang Espiritu Santo sa inyo, kung magkagayo'y magiging mga saksi Ko kayo sa Jerusalem, Judea, at Samaria..." 120 Hindi kapag naging obispo ka, hindi kapag naging diyakuno ka, hindi kapag naging pastor ka, hindi kapag naging papa ka, "Kundi matapos na dumating sa inyo ang Espiritu Santo, kayo'y magiging mga saksi kayo." Maaari ka lang maging saksi ng inyong iglesya at ng inyong kredo, ito'y isang... Kung isa ka lang diyakuno, kung isa ka lang pastor, kung isa ka lang papa, o kung ika'y . . . Sumasaksi ka sa isang kredo. Ngunit kapag dumating ang Espiritu Santo, kung magkagayo'y sumasaksi ka na sa Kaniya. At ang mga gawang ginawa Niya, ay gagawin mo rin, dahil nasa iyo ang Buhay Niya. Oh, oh. Naku, naku. Gusto ko iyan. Opo. Oh, nakuha ko 'yon, marami pa dito sa itaas, sa wari ko, kaysa doon sa labas. Masarap ang pakiramdam ko Dito.

67 "Ang mga bagay na malapit nang mamatay, panghawakan n'yo ang mga iyon." Ngayon, ang sabi niya rito, sa ikatlong talata: "Alalahanin mo nga kung paanong iyong tinanggap at narinig,... (Gusto ko iyon.)... at ito'y tuparin mo, at magsisi ka. Kaya't kung hindi ka magpupuyat ay paririyang akong gaya ng magnanakaw, at hindi mo malalaman kung anong panahon paririyang ako sa iyo. 122 "Panghawakan mo ang iyong pagkakaaring-ganap; manatili ka rito." Huwag n'yong pahintulutan yurakan 'yang muli ng mga taong iyon upang ilayo sa kaniya. "Yaon ding mga tinanggap mo, at narinig." Binabasa nila ang

kaparehong Bibliang binabasa natin. Kita n'yo? Ngunit sadyang hindi nila tinanggap ang kabuuan Nito, dahil hindi Ito nahayag sa kanila. Hindi Ito para sa kanilang panahon. Iyan ang dahilan kaya't magbabangon sila sa

pagkabuhay na muli. Nilakaran nila ang anumang Liwanag na kinailangan nilang lakaran, kaya'tsila'y magbabangon.

68 Ngayon, nakarinig ako ng maraming Pentecostal na nangangaral ng bautismo, na nagsasabi, "Ang mga Lutheran at iba pa ay hindi magbabangon." Magbabangon po. May alam akong munting kuwento tungkol kay Doctor Aegery, nang sabihin ko sa kaniya . . . Aniya, "Ano ba kami?" Ika ko . . . Alam n'yo, itinayo nila roon ang malaking seminaryong Lutheran, sa Bethany, doon sa Minneapolis. At sabi niya, "Buweno, anong mayroon kami na mga Lutheran?" 124 Sabi ko, "Buweno, sasabihin ko sa'yo. Naniniwala akong mayroon kayong Cristo." 125 At ang sabi niya, "Buweno, nais namin—nais namin ang Espiritu Santo." Aniya, "Palagay mo ba'y nasa amin na Ito?" 126 Sinabi ko, "Maaaring mangyari." At ika ko, "Nananampalataya kayo patungo Rito." 127 Sinabi niya, "Buweno, ano'ng ibig mong sabihin?"

69 Ngayon, mayroon silang libo-libong ektarya ng lupa doon na ang mga estudyante'y . . . Kapag hindi nila kayang makabayad para makatapos, pinagtatrabaho nila sila upang makatapos at pinagtatanim ng mais. Ang sabi ko, "Buweno..." May malalaking mesa ro'n. Binigyan nila ako ng isa sa mga smorgasbord na hapunan nila sa malaking seminaryong iyon, at doo'y maraming mabubuting tao. Nakaupo si Doctor Aegery dito, at dito naman si Brother Jack Moore, dahil pinaupo ko siya nang malapit na kung magsasalita siya ng malalaking salita na hindi ko nalalaman, dudungulin ko si Jack ng hita ko at maiinitindihan ko kung anong sinabi niya. Kita n'yo? Kaya nga, ika ko... 129 Nakaupo siya sa tabi ko, at sabi niya, "Buweno, ang nais nating gawin ay ang alamin ang isang bagay dito." Aniya, "Nagugutom kami sa Diyos." At aniya, "Nakabasa kami ng aklat tungkol sa mga Pentecostal, sa mga mga Kaloob." At ang sabi niya, "Humayo kami, isang grupo kami ng mga magkakapatid na kalalakihan na nag-eroplano patungong California; nakatagpo namin ang lalaking sumulat ng aklat." (Kilala ko siya.) Aniya, "Nais naming makitang gumagana ang ilan sa mga kaloob." Sabi niya, 'Wala akong isa man sa mga iyon,' aniya, 'isinulat ko lang ang tungkol sa mga iyon.'" Aniya . . . At sabi niya, "At nang makaraitng kami roon at makita ito, nagutom kami. Nais namin ang Diyos."

70 At ang sabi ko, "Buweno, minsan ay may isang lalaking humayo." Alam n'yo na, sa kaniyang sariling lupain. Kita n'yo? "Isang lalaki ang humayo at

nag-araro ng isang malaking bukirin. At binunot niyang lahat ang mga ugat at iba pa, at nagtanim siya ng mais. Tuwing umaga'y lumalabas siya at tinitignan kung mayroon na siyang mais. Isang umaga napansin niya na lang, na may dalawang dahong nakausli." (Sinumang nagtanim ng mais... Nasaan si George Wright at ang iba pa, sina Roy Slaughter at iba pa sa kanila? Alam n'yo na, ang dalawang dahong nakausli.) "'Oh,' aniya, 'Purihin ang Panginoon dahil sa aking bukid ng mais.'" Ang sabi ko, "Mayroon na ba siyang bukid ng mais noon?" Aniya, "Buweno, sa isang banda." 131 Ang sabi ko, "May potensyal, oo." Ika ko, "Kayo iyon na mga Lutheran sa unang repormasyon, na nag-usbong ng munting dahon." Kita n'yo? "Buweno," sabi ko, "sa paglipas ng panaho'y lumaki ang mais. Hindi ko sinabi sa kaniya ang tungkol sa pagkalagas (Kita n'yo?); ipinaalam ko lang sa kaniya na lumaki ang mais.

71 Kaya't sinabi ko, "Lumaki ang mais, at paglaon ay may tumubong borlas dito. At nilingon ng borlas sa ibaba ang dahon at nagsabi, 'Ah-ha-ha, wala kayo, kayong mga l pormal na Lutheran.' Kita n'yo? Aniya, 'Ako ang . . . A—Ako ang tagapagparami, ang dakilang panahon ng pagmimisyon.' Umihip ang hangin, at naglaglagan nang ganiyan ang mumunting mga borlas at nangahulog; iyon si Wesley, ang pagpapakabanal." Kita n'yo? Iyon ang pinakadakilang kapanahunan ng pagmimisyon na dinanas natin, ang iglesiang Wesleyan, sa panahon ni Wesley, higit pa nga kaysa sa panahong ito. Ang kapanahunan ng iglesiang Wesleyan, ay isang panahon ng pagmimisyon, at ito'y lumaganap. Ano'ng ginawa nito? Nagpangalat ito. 133 Kita n'yo, maging ang kalikasan ay sumasaksi sa tatlong iyon. Ang kalikasan mismo, sa pasimula'y ginawa ng Diyos na ito'y maging gayon. Ni hindi mo na kailangang magkaroon ng Biblia; maaari mong tignan ang kalikasan at makikita mo kung saan ka na naroroon. Kita n'yo?

72 At pagkatapos—at nang maglaon nalaglag ito roon, at ano'ng umusbong? Umusbong ang puso ng mais; may mga butil na ito; iyon ang grupo ng Pentecostal. Ngayon, ang grupo ng Pentecostal na iyon ay kauri ng grupong naririto sa ibaba. Mula rito'y nagkaroon siya ng dalawang dahon ng mais, panahon ni Luther; dito'y nagkaroon siya ng borlas, panahon ni Wesley; at dito'y nagkaroon siya ng butil ng mais (Ano?) katulad na katulad dito sa umpisa, kaparehong-kapareho. 135 Buweno, ngayon, ano ba itong narito? Aniya, "Buweno, ngayon," ang sabi ng Pentecostal, "Wala na akong pakinabang sa inyong mga Methodist o sa inyong mga Lutheran." Ngunit kung sa bagay, ang pinakabuhay na dating

naroon sa dalawang dahon ang tumulong sa pagbuo ng borlas. At ang buhay na dating nasa borlas ang bumuo ng butil. Kaya, kita n'yo, lahat ng ito'y programa ng Diyos. Nasa kanila ang Espiritu Santo potentially; gayundin si Wesley sa ilalim ng pagpapakabanal; ngunit sa araw na ito'y naipanumbalik ang pagsasalita ng iba't-ibang wika at ang pagsasauli dito sa pasimula, sa iisang Espiritu Santo (Nakita

n'yo?), yaong tunay. Amen. Opo.

73 Tama, "Panghawakan ninyo ang inyong narinig, baka ito'y mamatay." Ngayon, ang ikaapat na talata, palagay ko'y ito nga: Ngunit mayroon kang ilang pangalan sa Sardis na hindi nangagdumi ng kanilang mga damit; at sila'y kasama kong magsisilakad na may mga damit na maputi: sapagka't sila'y karapatdapat. 137 "Ngayon, huwag mo itong gawing isang denominasyon. Ayaw nating gawin iyan." Hindi, aking... Mali ang nabasa kong talata, mali ba ang nabasa ko, o hindi? Oo, oo, tama. Oo, tama. Oo, "Sa Sardis, hindi nangagdumi ng kanilang mga damit." May ilan sa kanila na ayaw pa ring yumukod sa bagay na iyon, at pinanatili nila ang kanilang sarili na dalisay at malinis, ang dating bakas na mula pa Pentecostes, ang puspos ng Espiritu. Marami sa kanila sa kapanahunan ni Luther ang nagsimulang magtatag ng denominasyon. Ano'ng ginawa nila? Nagsimula silang magsibalikang muli tulad ng sinabi ng Biblia, umastang tulad ng kanilang ina, nagsibalikan sila, at nagpasimula ng kanilang mga denominasyon. Ngunit ilan sa kanila ang nanindigan, na hindi nila ito gagawin; nanatili sila para sa Diyos. Sinabing sila'y . . . Ang sabi Niya, "Buweno, sige, may ilan kang mga pangalan, at karapatdapat silang lumakad harapan Ko, nang nararamtan ng puti." 138 Huwag kang magtatag ng denominasyon. Huwag mong tatanggapin ang aral ng Nicolaitanes ha. Huwag kang magpasimulang muli ng iyong denominasyon, kundi manatili kang malaya sa Diyos. Hayaan mong pangunahan ka ng Espiritu Santo habang ika'y nagpapatuloy. May mangilanngilan pang nalalabi sa kanila.

74 Ngayon, ang ikalimang talata, wari ko: Ang may pakinig, ay makinig . . . Tignan natin ito ngayon. Ang magtagumpay ay daramtang gayon ng mga mapuputing damit; at hindi ko papawiin sa anomang paraan ang kaniyang pangalan sa aklat ng buhay, at ipapahayag ko ang kaniyang pangalan sa harapan ng aking Ama, at sa harapan ng kaniyang mga anghel.

Ngayon, "ang ilang mga pangalan..." Napakakaunti, maliit na tira lamang ang hindi nasakop ng aral ng Catolico. Tama.

75 Ngayon, mangungusap tayo tungkol sa repormasyon. Nais kong . . . Iniwang ko ang background ni Luther upang makaabot ako rito. Ngayon, ang sabi ng kasunod na talata: Ang may pakinig ay makinig sa sinasabi ng Espiritu sa mga iglesia. 142 Sinisikap ng Diyos dito na bigyan sila ng babala na sila'y lumayo sa Nicolaitanismo, lumayo roon, panatilihin nilang walang dungis ang kanilang mga damit mula sa anumang bagay ng sanlibutan, manatiling malaya sa Kaniya, at pangungunahan Niya sila at papatnubayan. Ngayon, iyan ang unang pasimula.

76 Ngayon, ang tinutukoy ko sa repormasyon ay ang mga nakatakas, silang mga nakatakas maging sa iglesia ng Sardis, o . . . Nauunawaan n'yo ba ang ibig kong sabihin? Silang mga nakatakas pa rin sa kakila-kilabot na bagay na iyon . . . Ngayon, ngayon, kukunin natin itong muli bukas ng gabi at itutuloy natin hanggang dito sa kapanahunan ng Pentecostal, at ipakikita ko sa inyo na ganu'n nga iyon talaga. Ngayon, ilan sa mga bagay na pinag-uusapan natin dito ay kung papaano nila ito natakasan. Ngayon, itutuloy natin iyan sa susunod na kapanahunan. Kita n'yo, kailangang ituloy nating iyon upang ito'y mapaglakit. Kung hindi, hin—hin—hindi mo maibibigay nang tama sa—mga tao—at maibabaon sa susunod na kapanahunan. Kita n'yo? Kailangang ibigay mo ito sa kanila kung papaano ito ibinigay ng Biblia rito. Kita n'yo? Tama.

77 Ngayon, ang mga nakatakas ang tinutukoy Niya. Ang mga naririto, ang maliit na lupong ito na naririto at nabubuhay sa pag aaring-ganap. Ngayon, tignan n'yo. Lumabas sila; nakita nila ang Liwanag; Nagtuwid si Luther . . . At pagkamatay ni Luther, hindi si Luther; hindi nagtatag ng anumang organisasyon si Luther; kundi ang lupon na naiwan niya. Hindi nagtatag ng anumang organisasyon si Wesley; kundi ang lupon na naiwan niya. Ang mga dating nagtatag ng Pentecost ay hindi nagtatag ng organisasyon; kundi ang lupon na naiwan nila. Sila ang gumagawa nito (Kita n'yo?); ang mga nagsisisunod ang gumagawa nito. Ang tunay na anghel ng Liwanag ay hindi magtatatag ng isang organisasyon. Makikita n'yo sa kapanahunang ito ng Pentecostal kung ano rin ang nagaganap sa dulo ng organisasyong iyon (Kita n'yo?) kapag ipinahayag ito sa atin ng Espiritu Santo.

78 Ngayon, sinabi Niya, "May kaunti ka pang buhay na nalalabi, kakaunti na lang. Malapit na itong mamatay; paubos na ito; pagaaring-ganap lang ito. Maaari kang mauga sa anumang direksyon. Hindi ka pa nagtataglay ng

Buhay, dahil tumanggap ka ng maling pangalan. Ngunit ika'y—kahit papaano'y nailabas ka na. Kita n'yo, ika'y . . . Nakatakas ka na sa iglesiang Romano. Nakatakas ka na sa lahat ng dogma, at kahit papaano'y nakalabas ka na nang ganiyan kalayo." Ngayon, kaparehong Biblia ang binabasa n'yo. Ngayon, ngunit ang Biblia ring iyon ang nagtuturo ng Espiritu Santo... Hindi Niya sila hinatulan dahil sa kung ano'ng mayroon sila. "Panghawakan mo lang iyan hanggang sa pagdating Ko. Kita n'yo, manatili ka lang na nanghawakan."

79 Ngayon, nagsimula ang kapanahunan ng iglesia ito noong 1520, nang mamayagpag ang pangdaigdigang iglesia Romano Catolico. Tumagal ito hanggang Oktubre 31 (kung isinusulat n'yong lahat ito), Oktubre 31, 1570 A.D., nang ipinako ni Martin Luther ang kaniyang ika-95 sanaysay sa pintuan ng

simbahan sa Wittenberg, Germany, at mula ng panahong iyon ay tumakbo na ang Repormasyon. Nakuha n'yo ba ang mga petsang iyon? Uulitin kong muli upang makatiyak kayo: Oktubre 31, 1570 A.D., nang ipinako ni Martin Luther ang kaniyang ika-95 sanaysay sa pintuan ng simbahan sa Wittenberg, W-i-t-t-e-n-b-u-r-g, Wittenberg, Germany. Mula sa petsang iyon, nagsimula na ang Repormasyon; nagsimula nang maglagablab ang apoy. Prinotesta niya ang nakatayong simbahan ng Catolico na naroroon, sa panulat na ganiyan, aniya, "Ito ba ang banal na katawan ni Cristo? Ito'y isang biskuwit at kaunting alak." At ibinalibag niya ito sa lapag. Tama.

80 Iprinotesta niya ang iglesia Catolico, at iyan ang nagpasimula ng munting pag-agaw na iyon. Tama, tignan n'yo, nagsimula na ito noon. Ngunit mas isa itong pakikipaglaban para sa kapangyarihang pulitikal kaysa sa para sa tunay na iglesia, para sa mga pamantayang Cristiano. Nakipaglaban lang sila para sa pulitikal na karapatang makalabas sa iglesia upang makapagtatag ng panibagong iglesia. Hindi naman talaga sila nag-reporma, sa paglabas nila sa iglesia Catolico upang ibalik ang Espiritu Santo at kapangyarihan sa iglesia, dahil itinanggi nila Ito. Kita n'yo? Yaon ay isang isang pagsasama-samang pulitikal. Ito ang kanilang . . . Iyon ang kanilang . . . Tiyak na aakma ito sa, "Ikaw ay may pangalan na ikaw ay nabubuhay, at ikaw ay patay." Sa ibang salita, nilabas lang niya ang denominasyong Protestante; iyon lang. Naglabas siya ng isang anak na babae mula sa iglesia, mula sa . . . Naglabas siya ng isang babaeng bayaran mula sa patutot. Iyan ang talagang nangyari. Iniluwal niya si Athaliah mula kay Jezebel.

81 Ngayon, alam ng sinumang nagbabasa ng Repormasyon na gayon nga ang nangyari, dahil kaniya lamang . . . Ilan sa mga lumang relic at kaayusan na— at mga seremonya, ay inalis niya lamang, ngunit kung ang pag-uusapan ay ang pagpapanumbalik ng Espiritu Santo sa iglesia tulad dito sa dati, hindi niya ito

ginawa. Hindi po. Mas isa itong pakikipaglabang pulitikal kaysa sa isang pakikipaglabang espirituwal. Pulitika ito sa halip na Espiritu Santo. Hindi pa siya pumapasok sa iglesia. O, kapatid, hindi pa Siya nakabalik; dito Siya magbabalik, hindi doon.

82 Ngayon, isa iyong malakihang pagsasama-samang pulitikal, ngunit hindi ito sa kapakanan ng banal na Kasulatan at ng Espiritu Santo. Isa iyong pagsasama-samang pulitikal upang matanggal niya ang mga lumang relic ng krusipiyo, at ang mga "Aba, Ginoong Maria," at lahat ng iyon. Ngunit naglabas pa rin siya ng katekismo. Dinala niya pa rin palabas itong . . . Ano'ng tawag n'yo rito? Mga gawain ng pagtatalaga o kung anuman 'yun na naroroon kapag nagtutungo sila sa—sa pasko ng Pagkabuhay, at binabati sila ng pastor ng isang "Maligayang Pasko," alam n'yo na. "Sa Kapaskuhan n'yo na lang sila muling makikita," sabi niya, alam n'yo na. Ito'y isang . . . Oh, isang pagkukumpil, ang ibig kong sabihin. Dinadala sila roon at kinukumpilan sila, pinagkokomunyon sila sa unang pagkakataon at kinukumpilan. Walang ganiyang bagay tulad sa pagkukumpil. Ang tanging pagkukumpil na nabanggit sa Biblia, ay nang kumpirmahin ng Diyos ang Kaniyang Salita na may kalakip na mga tanda at kababalaghan. Iyon ang pagkukumpil, hindi ang pagkukumpil ng pagiging kasapi ng iglesiang Lutheran. Ito'y ang pagkukumpirma ng Diyos ng Kaniyang Salita sa inyo. "At gagawa ang Panginoon sa kanila (Marcos 16), na pinagtitibay ang Salita na may kalakip na mga tanda." Iyon ang kumpil ng iglesiang Pentecostal. Iyan ang pagkukum . . . Kinukumpirma ng Diyos ang Kaniyang Sarili bilang buhay at Diyos na gumagawa ng himala sa iglesia, nagsasalita ng iba't-ibang wika, nagpapaliwanag ng mga wika, at gumagawa ng kaparehong mga bagay na ginawa nila noong pasimula.

83 Napapagod ko na ba kayo? [Sumagot ang kongregasyon, "Hindi"—Ed.] Sige. Ngayon, pansinin n'yo, hindi nila ibinalik ang revival ng Espiritu Santo; naghatid sila ng isang bagong kapanahunan ng iglesia. Naghatid sila ng isang lupong inagaw palabas, isang takas mula sa hirarkiyang Romano upang makapagtatag ng isang hirarkiyang Protestante. Iyon lang ang ginawa nila: lumundag sila mula sa kawali patungo sa apoy. Kita n'yo? Tama. Eksakto. 151 Nagluwal lang ng isang anak na babae si Jezebel. At ngayon, huwag ninyong isipin na sinasabi ko lang ito para magmistulang matalino. Sinasabi ko ito dahil sinabi ito ng Biblia. Ang Biblia, sa Apokalipsis 17, ay nagsabing siya ay isang ina ng mga patutot. Sinabi dito ni Jesus, "Kung papaano si Jezebel noon, magiging gayon din siya." At nagluwal siya ng mga anak na babae na sumalaula sa bansang hindi dating marumi. Ngayon, iyan nga ang ginawa ng Protestanismo sa tunay na Espiritu ng Diyos; ito'y sinalaula nito at

ibinalik sa isa na namang organisasyon. At, kung loloobin ng Diyos, sa Linggo ng umaga, nais kong ipakita sa inyo na gagawan nila ng larawan ang hayop, at ang hayop na iyon ay ang Roma. At gumawa sila ng gayong larawan. Ano iyon? Isang organisasyon. Oh, sana iyon ay tumagos sa inyong mga puso, bayan.

84 Ngayon nag-iisip kayo kung bakit nilabanan ko nang matindi ang organisasyon sa buong buhay ko; hindi ko rin alam. Ngunit may kung ano sa kalooban ko na humihiyaw; hindi ko ito mapigilan. Pinag-isipan ko, noon pa ma'y pinag-iisipan ko na, kung bakit ko palaging tinutuligsa ang mga kababaihan? Kita n'yo, buong buhay ko . . . Hindi ang . . . hindi ang mga tunay na babae ang tinutukoy ko; ang tinutukoy ko ay, alam n'yo na, itong mga nilisan na ng kanilang moralidad at lahat na, alam n'yo 'yon. Ang klase iyan ang

aking . . . May kung ano sa akin na . . . 153 Noong ako'y isang maliit pang batang lalaki, naroroon ako't nakikita ko ang mga kababaihang naglalakad sa lansangan, at alam nilang nasa trabaho ang kanilang mga asawang lalaki, at sila nama'y may kasamang ibang lalaki, mga lasing; sa gilid ng kalsada'y magkasama silang paglakad-lakad nang paroo't parito, upang mahimasmasan sila sa pagkalasing at makauwi upang maipagluto ng hapunan ang kanilang mga asawang lalaki. Ang sabi ko hindi sila karapat-dapat na lagusan ng isang malinis na bala. Tama. Ang sabi ko mas masahol pa sa mga hayop ang gumagawa ng ganu'n. At ako'y . . . Nang ako'y dise-syete, disi-otso anyos na, pag may nakakita akong dalagang paparating sa lansangan, tumatawid ako sa kabilang gilid; ika ko, "Ang mabahong ulupong na iyon." Kita n'yo? At maaari sana akong maging talagang muhi sa mga kababaihan. Ngunit nang tinanggap ko ang Diyos sa puso ko, ipinaalam sa akin ng Diyos na mayroon Siyang mga hiyas na naroon sa labas; mayroon Siyang mga tunay na binibini. Hindi lahat ay dudumihan ang kanilang mga sarili nang ganiyan; salamat sa Diyos dahil diyan.

85 Nung naroon ako sa Africa, ganu'n din sa Switzerland, at sa Roma, naitanong sa akin ang tungkol dito, "Ang ibig mong sabihin, Brother Branham, wala ba talaga kayong isa mang babaeng disente sa America? Sa bawat awiting nakararating dito, may maruming bagay na sinasabi tungkol sa inyong mga kababaihan." 155 Sabi ko, "Mga Amerikano iyon. Ngunit kami ay may ibang Kaharian umiiral do'n; iyon ay ang Kaharian ng Diyos, at ang mga babae do'n ay mga binibini sa kanilang kaibuturan." Sila'y mga...

86 Sinabi ng Biblia, doon sa—sa mga propeta, ang sabi . . . Wari ko'y sa ika5 kabanata ng Isaias (hindi ako tiyak, maaaring naroon sa ikalima o ikaanim na kabanata.), nangungusap ito tungkol sa, "Mapalad ang anak na babae ng Sion,

na makakatanan sa araw na iyon sa lahat ng mga bagay na yaon." Kung papaanong lalakad siya sa kalsada, na nakarolyo paibaba ang kaniyang mga stocking; siye'y kikendeng habang naglalakad, kikembot nang ganiyan, at ang mga bagay na gagawin niya, tulad na tulad ng ginagawa nila ngayon, tamangtama. Nagsisipagsuot ng mga damit tulad sa isang lalaki, na kasuklam-suklam sa Diyos . . .

87 Nakakita ako kani-kanina lang ng isang relihiyosong samahan, magdadaos sila ng isang—isang uri ng kainan na ginaganap nila gabi-gabi, at nagsisipagpasukan ro'n ang mga babaeng naka knickerbocker . . . O—o anong—ano bang tawag nila sa bagay na iyon? Hindi shorts, kundi iba pa. Oo, tinatawag itong pedal pushers, o ganu'ng mga bagay . . . Oh . . . Kailangan nga silang itulak ng pedal, tama; kapatid, iyon ay isang tabla na ganito kalapad. Tama. Ang ulo ang nauuna at . . . Naksuot ito sa inyong mga paa, kayong mga naglalakad sa kalsada, at iyon nga ang kailangan nila. Tama 158 Ngunit oh, sasabihin mo, "Buweno, ngayon, palagay ko'y mas disente para sa isang babae na magsuot niyan kaysa sa palda." 159 Ang sabi ng Diyos, "Karumal-dumal sa Kaniyang paningin na ang isang babae ay magsuot ng damit . . ." At kapag naggupit ng buhok ang isang babae tulad sa isang lalaki . . . Nais ng Diyos na magmukhang babae ang isang babae, manamit na tulad sa isang babae, kumilos na tulad sa isang babae.

88 At ayaw Niya ng isang lalaking may mahahabang patilya na nakalawit nang ganito, at para bang may isang itik na nakaupo sa kaniyang batok na ganiyan. Nais Niyang magmukhang lalaki siya. Opo. Naku, masyadong parang babae na sila kung magbihis hanggang sa mahirap nang matukoy kung ano'ng kasarian nila. Kahabag-habag ito, ang mga beatnik na ito at lahat na na mayroon tayo sa araw na ito. Hindi katakatakang nabubuhay na tayo ngayon sa huling panahon; wala nang nalalabi sa mundong ito kundi ang pagbuhos ng galit ng Diyos upang ito'y tupukin. Iyon na lang. Wala nang iba pang magagawa ang isang matuwid at banal na Diyos. 161 Tinanggihan nila ang Dugo ni Jesus Cristo nang may pagkamuhi. Pinuno nila ng dogma ang kanilang mga sarili. Pumasok sila sa isang organisasyon. At may kung sinong banal na ama na may—isang matandang binata na nakabaligtad ang kuwelyo, na lumalapit at nagsasabi sa kanila, "Mga pinagpala kong mga anak." Walang pinag-iba iyon sa kung isang baboy ang magsasabi nito. 162 Sinasabi ko sa inyo, ang kailangan natin ngayon ay ang pagbabalik sa Biblia at sa Espiritu Santo, kapatid, at sa kapangyarihan ng nabuhay na muling

Cristo na nanahan sa iglesia na gumagawa ng mga tanda at mga kababalaghan at mga himala. Amen. Iyan ang Ebanghelyo. Opo.

89 Naglabas ng . . . kaya . . . Opo, tama, tunay nga. Gumawa doon ang revival ng mga napakabubuting bagay, ang revival na iyon. Ngunit hindi nito nahatid ang Espiritu Santo. Dito na lang sa kapanahunan ng Laodicea nila nahatid ang Espiritu Santo, sa kapanahunan ng Pentecostal. Ngunit may nagawa itong isang bagay. May isang bagay na nagawa ang revival na ito na Kaniyang sinabi, "Huwag n'yo na itong hayaang mamatay, palakasin n'yo, dagdagan n'yo pa." Kita n'yo? 164 Naghatid ito muli ng malayang Biblia sa mga tao. Naghatid ang kapanahunan ng Lutheran ng malayang Biblia. Gumawa sila ng mga imprentahan at nagsimulang magbigay ng Biblia sa daigdig. Pagpalain ng Diyos ang mga Lutheran dahil diyan. Opo. Ibinalik nilang muli ang Biblia sa kamay ng mga karaniwang mananampalataya; dati'y mga pari lang ang may hawak nito. Ni hindi man lang nila ito nasilayan; dahil sinabi ng papa, at siya ang diyos; kaya anuman ang sabihin niya, tapos na 'yon.

90 Kaya ngayon, ang nais nilang palakasin sa revival ng Lutheran ay . . . Ngayon, nasa kamay n'yo na ang Biblia, basahin n'yo na Ito ngayon. Panampalatayanan n'yo Ito. Huwag n'yo Itong ilapag sa istante,

at sabihing, "Buweno, may Biblia kami." Wala itong maitutulong sa inyo kung ito'y nandoon. Napakaraming mga Lutheran sa Pentecostal ngayon, kung saan-saan inilalapag ang Biblia at tinatanggap kung ano ang sinasabi ng iba tungkol Dito. Kapatid, basahin mo ang Salita. "Saliksikin ninyo ang mga Kasulatan, at ang mga ito ang nangagpapatotoo tungkol sa Akin," sabi ni Jesus. "Iniisip ninyo na sa Mga Yaon ay mayroon kayong Buhay na Walang Hanggan." Iyan ang dapat gawin: basahin ang Salita. Ngayon, sabi Niya, "Panghawakan n'yo iyan, at huwag—huwag ninyong hayaang mawala."

91 At isa pang bagay na nais Niyang panghawakan nila, na may kaunti pang nalalabing lakas sa kanila, ay . . . Ang revival ng Lutheran, ang ikalawang bagay na nagawa nito ay nailantad nito ang aral ng pag-aaring-ganap. Hindi tinatanggap ng Catolico ang ang pag-aaring-ganap; ito ang iglesiang Catolico. 167 Gaya ng paring iyon, kinailangan nilang putulin ang kaniyang pagsasahimpapawid nung minsan. Aniya, "Walang ibang kaligtasan saan man kundi sa iglesiang Catolico." Ang kaligtasa'y na kay Cristo, hindi sa iglesiang Catolico, hindi sa iglesiang Protestante. Na kay Cristo ang kaligtasan. Ngunit naniniwala ang Catolico . . . Wala silang pakialam kung ano ang sinasabi ng Biblia; ang mahalaga sa kanila'y kung ano ang sinasabi ng iglesia. Kita n'yo?

At hindi mo sila makakausap, dahil sadyang hindi maaari; walang anumang paraan na makausap mo sila. Wala silang pakialam. Mayroon silang . . . Kakausapin ka nila tungkol sa kanilang katekismo, anumang tulad niyan; pagdating sa Biblia, sadyang iwinawaksi nila Iyon, "Ang mahalaga sa kanila'y kung ano ang sinasabi ng iglesia." . . ? . . .

92 Ang sabi ni Jesus Mismo, tungkol sa bagay na ito, "Sinumang magbawas o magdagdag ng anuman Dito, aalisin ang bahagi niya mula sa Aklat ng Buhay." Sabi ni Jesus, "Bawat salita ng tao'y kasinungalingan, at sa Akin ang maging totoo. Ang langit at ang lupa ay lilipas, datapuwa't ang Aking Salita ay hindi lilipas." Tama ba iyon? O, hayan Ito, kapatid. 169 Mananampalataya ako ng Salita ng Diyos. Tama. At hindi lang ang Salitang iyan na ipinangungusap ng Diyos diyan, hinihiling ko rin sa makalangit na Ama na ibigay Niya sa akin ang Espiritu Santo upang mapagtibay ang Salitang iyan, upang mabuhay si Cristo sa akin. Kaya alam kong mayroon akong Buhay na Walang Hanggan, hindi dahil karapat-dapat ako Rito, kundi dahil ibinigay ito ng Kaniyang biyaya sa akin. Iyan ang bato. "Sa ibabaw ng batong ito ay itatayo Ko ang Aking iglesia," ang sabi Niya.

93 Tama, pag-aaring-ganap . . . Tama. Ang nangyari, nakapagluwal sila ng isang bagay na hindi nila dapat hayaang mamatay, at iyon ay ang muli nilang nahawakan ang Biblia. Ginawa iyon ng mga Lutheran. At isang bagay pa, natanggap nila ang katuruan ng pag-aaring-ganap sa pamamagitan ng pananampalataya. Iyon ang itinuro ni Luther; alam ng lahat iyan; iyan ang turo niya. Pag-aaring . . . Hindi n'yo pa ba nakikita kung gaano ito kasakdal? At pagkatapos ay dumating si Wesley taglay ang pagpapakabanal; pagkatapos ay dumating naman ang mga Pentecostal taglay ang bautismo ng Espiritu Santo. Kita n'yo? Tamang-tama . . . Ngayon, ako'y . . .

94 "Mayroon kang ilang mga bagay, panghawakan mo iyon, at huwag mong hayaang mamatay. Kung hindi mo iyon panghawakan, darating akong madali na gaya ng magnanakaw, at magbabalik kang muli sa denominasyon." At ganu'n nga ang ginawa nila, muli silang bumalik. "Bumalik kang muli sa Nicolaitanes, dahil paglabas na paglabas mo ay magbabalik ka bilang isang denominasyon. Manatili kang nanghawakan. Magpatuloy ka sa pagbabasa ng Biblia, at ingatan mo ang pag-aaring-ganap, at magpatuloy kang nagpursige sa pagsulong." Ngunit may kaunting labi na lalabas doon, isang kaunting nalabi. 172 Pagkatapos ng mga nauna'y dumating si Luther, at dumating si Zwingli, at nagpatuloy ito, kay Calvin, at iba pa, hanggang kay Wesley. Ngunit may kaunting labi na lumabas mula ro'n na nagturo ng pagpapakabanal. At mula sa pagpapakabanal ay lumabas ang kaunting labi na nagpatuloy sa Espiritu Santo.

Kita n'yo, ang kaunting labing iyon, sa buong panahon iyon, ang nagpanatili doong buhay. Tama.

95 Ngunit sa ikatlo, nagsama sila ng napakaraming mga anyo ng katuruang pagano mula sa kanilang paglabas, kasama na do'n ang tulad sa denominasyon, at maling bautismo. Ngayon, lumabas silang nagwiwisik, at iba pang tulad niyan, at sa Ama, Anak, at Espiritu Santo. Naghatid sila ng katekismo. Tunay silang . . . Totoong bumagay sila sa pangalang—sa sinabi dito ni Jesus, "Ikaw ay may pangalang iyong ipinamumuhay, ngunit ika'y patay." Tama 'yon. Sige.

96 Ikaapat, totoong natanggal ng repormasyon ang marami sa kanilang mga pinakinang na relic at—at mga rituwal, at iba pa, ngunit nabigo sa iglesia at sa pagpapanumbalik para maihatid ang reporma; nabigo itong ipanumbalik ang pagtuturo ng purong Ebangelyo na may kalakip na mga tanda. Hindi nagkaroon ng ganito ang iglesiang Lutheran. Hindi sila nagkaroon nito; at hindi rin sila nagkaroon nito sa kapanahunang Wesleyan. Nagkaroon lang sila nito sa bandang dulo nitong kapanahunan ng Laodicea. 175 Ngayon, kapag tinalakay natin iyan, babalik tayo kaagad sa mga Kasulatan at ipakikita ko sa inyo kung papaano nila ito ipinangako. Hindi sila nagkaroon—hindi naipanumbalik ang revival ng Espiritu Santo.

97 Tinalikuran nga nila ang mga dios-diosan; at tinalikuran nga nila ang mga dios-diosan; totoo iyon. Ibinaba nila ang mga dios-diosan sa iglesia: Sina Maria, Jose, at—at sina Pedro, Pablo, at lahat sila.

Tumalikod sila sa mga diosdiosan, ngunit hindi sila bumaling sa nabuhay na muling si Cristo. Pinatalikod sila ni Luther sa mga dios-diosan, ngunit ito ay patungo sa tila higit na pulitika, o sa isang—o isang denominasyon, o organisasyon upang makapagtatag sila ng kanilang sariling panibagong organisasyon (isang larawanang tulad sa nauna) at nagsikap na higitan iyon sa pamamagitan ng denominasyon. 177 At ngayo'y naglalaban-laban pa rin sila. Nais pa rin ng mga Methodist na maging Methodist ang lahat ng mga Baptist. At nais naman ng mga Lutheran na maging Lutheran ang lahat ng mga Baptist at Methodist. Nais naman ng Pentecostal na maging Pentecostal lahat ng mga Baptist, at mga Lutheran. Kita n'yo, padagdag lang nang padagdag ito sa mga denominasyon. Ngunit sa simula pa'y hindi ganiyan ang programa ng Diyos. Ang programa ng Diyos sa pagpapanumbalik ay ang maisauli yaong nasa pasimula.

98 Tignan n'yo. Ang buhayin iyong muli. Kapag nahulog sa sahig ang aklat na ito, ngayon ang pagkuha ng ibang aklat upang ipalit dito ay hindi pagpapanumbalik, o pagkabuhay na maguli.

Kailangang iyon din iakyat Niyang muli. Amen. Kaya't kung namatay ang iglesia sa panahon ng karimlan, at naging ganap na pagano nung panahong iyon, kung gayo'y ang pagpapanumbalik, ang . . . Iyon ay isang repormasyon, ang magreporma; ngunit ang mareporma at maipanganak na muli ay dalawang magkaibang bagay. Kita n'yo? Sila'y naghatid ng repormasyon, pagrereporma, paglayo sa karamihan ng kanilang mga dios-diosan at iba pa, ngunit hindi nila muling naibalik ang Espiritu Santo sa iglesia. Oh, purihin ang Pangalan ng Panginoon. Kapatid na lalaki't babae, nakikita n'yo ba ito? Hindi nila naibalik ang Espiritu Santo, dahil ang tunay na magdadala ng totoong Liwanag ng Ebangelyo ay . . . Isuot n'yo na ang inyong espirituwal na sombrero. Ang magdadala ng tunay na Liwanag ng Ebanghelyo ay ang anghel ng iglesiang naririto. At makikita n'yo iyan sa Linggo.

99 Ngayon, magkakaroon sila ng mga pinagpatong-patong na liwanag, at mga Cristianong liwanag, ngunit bawat isa sa kanila'y muling nagbabalik sa organisasyon. Ngunit may isang darating na maninindigan laban dito (Opo), at hahablutin nito ang isang labi mula roon sintiyak ng pagkakatayo ko sa pulpitong ito. Tama. At didiretso siya pabalik sa pasimula. At kukunin ko ang mga Kasulatan mula sa Lumang Tipan at sa Bagong Tipan at patutunayan ko sa inyo na gagawin iyon ng anghel ng iglesiang Laodicea (Tama.), magbabalik siya sa orihinal at ibabangon niyang muli ang bagay na ito. At ang pagkabuhay na muli ay darating sa panahong ito. Tama.

100 Ngunit hinaltak palabas ni Luther ang iglesia, ang nakatakas na ito: ang nakatakas na ito, isang hakbang, pag-aaring-ganap. Ang nakatakas, naihakbang niya ang isang palabas ng paganismo. Tama iyon. Sa susunod, dalawang paa na ang kailangan. Ganu'n lang. 181 Tulad din ng . . . Napansin n'yo ba sa Biblia na may—may tubig na lumalabas mula sa likuran ng templo? At ang sabi niya nakakita siya ng tubig na hanggang sa kaniyang mga tuhod; at pagkatapos ay hanggang sa kaniyang baiwang; at pagkatapos ay lumampas na sa kaniyang ulo. Ngunit nang ito'y lumapas sa kaniyang ulo, kinailangan na niyang lumangoy. Kita n'yo, kinailangan na niyang lumangoy. 182 Kaya parating na tayo sa isang lugar na kung hindi tayo lalangoy ay malulunod tayo. Ganu'n lang. Lulunurin ka nito o ganap kang itataboy, o kaya't ihahatid ka nito papasok, isa lang. Kaya't kung hindi ka lalangoy ikaw ay malulunod. Alleluia. Oh, lubos akong nagagalak sa Espiritu Santo. Kayo rin ba? I'm so glad that I can say I'm one of them. I'm one of them, . . . (Sinong sila? Hindi ito, iyan, o iyan, o iyan.)

I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them.

101 Hindi ba't mainam pakinggan iyan? Makinig kayo. They were gathered in the upper room, All praying in His Name, They were baptized with the Holy Ghost, And power for service came; Now, what He did for them that day He'll do for you the same, I'm so glad that I can say I'm one of them. Oh, one of them, I'm one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them, (Alleluia.) One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them. 184 Nagtutungo ba sila sa mga seminaryo? Hindi. Ang ilan sa kanila'y ni hindi maisulat ang sariling pangalan. Tama. Hindi ito magawa ni Pedro. Ang sabi ng Biblia siya'y isang lalaking ignorante at walang pinag-aralan, sila ni Juan. Ngunit kinailangan nilang makinig sa kanila, dahil alam nilang nakasama nila si Jesus. Though these people may not learn to be (edukado), Or boast of worldly fame ("O, purihin ang Diyos, marami akong ganito at ganiyan."), They have all received their Pentecost, Baptized in Jesus' Name; And they're telling now, both far and wide, His power is yet the same, I'm so glad that I can say I'm one of them. Oh, one of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them; One of them, one of them, I'm so glad that I can say I'm one of them.

102 Hindi ba kayo nagagalak dito? Labis akong natutuwa na maging isa sa kanila. Mas pipiliin kong maging isa sa kanila kaysa sa anumang bagay na alam ko. Oh, mas pipiliin kong maging isa sa kanila kaysa maging Presidente ng America o maging hari ng buong mundo. Ako'y . . . Kung bababa rito ang Panginoong Jesus, at sasabihin Niya, "Ibabalik Kita sa edad mong bente anyos at gagawin Kitang isang tagapamahala, isang hari sa buong mundo, at bibigyan Kita ng sampung libong taong haba ng buhay sa lupa, sa edad na bente anyos, nang hindi nagkakasakit ng isang araw man, o sumasama ang loob, at lahat ay puro na lang kaligayahan at iba pa, at hari ka ng buong mundo, na mabubuhay ng sampung libong taon; o mas pipiliin mong maging isa sa kanila na sadyang kailangang makipagbaka nang buong

buhay mo tulad ng nararanasan mo ngayon?" 186 Sasabihin ko, "Nagagalak akong makapagsabi na isa ako sa kanila." Pagkatapos ng sampung taon, paano na? Ngunit ito'y eternal. Paano itong dumating, kapatid? O, dumating ito sa pamamagitan ng Dugo. Tama. Napakalayo ng pinanggalingan nito, at dumating ito sa pamamagitan ng pagkakatawang-tao ng Diyos.

103 In a manger long ago, I know it's really so, A Babe was born to save man from their sins. John saw Him on the shore, the Lamb forevermore, Oh, Christ, the Crucified of Calvary. Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee, For He's done so very much for me. He's forgiven all my sins, placed the Holy Ghost within; Oh, I love, I love that Man from Galilee. The woman at the well, He all her sins did tell, (Siya pa rin kahapon, ngayon, at magpakailanman.) How five husbands she had at that time. She was forgiven of every sin, and a deep peace placed within; She cried, "Come see this Man from Galilee." Oh, I love that Man from Galilee, from Galilee, For He's done so very much for me. He's forgiven all my sins, placed the Holy Ghost within; Oh, I love, I love that Man from Galilee. A Publican went to pray in the temple there one day,

He cried, "O Lord, be merciful to me." He was forgiven for every sin, and a deep peace came within; He said, "Come, see this Man from Galilee." 188 Gusto ko iyon. Kayo ba? The lame was made to walk, the dumb was made to talk, That power was spoken with love upon the sea; And the blind was made to see, I know it could only be The mercy of that Man from Galilee. Sabayan n'yo ako sa pag-awit: Oh, I love that Man of Galilee, of Galilee, For He's done so very much for me. He's forgiven all my sins, placed the Holy Ghost within; Oh, I love, I love that Man of Galilee.

104 Hindi n'yo ba iyon gusto? Ay, naku. O, gustung-gusto ko ang mainam na Ebangelyo ito ng Espiritu Santo. Mahal ko Siya nang buong puso ko. At lubos akong nagagalak ngayong gabi na kabilang ako sa kanila, at tayo'y magkakasama bilang magkakapatid na lalaki at babae. Mga Baptist, Methodist, Pres—Catolico, Presbyterian, anupamang iba, hinango tayo ng Diyos mula sa iba-ibang kalakaran ng buhay at dinala tayo sa dakilang pakikisamang ito sa Espiritu Santo. Hindi kasapi sa anumang denominasyon, bahala sila sa kanilang ginagawa, ngunit tayo'y nasa isang nmahiwagang Kaharian. Nabautismuhan tayo sa mistikal na katawan ni Jesus Cristo sa pamamagitan ng Espiritu Santo. Sino-sino? Mga Methodist, Baptist, Presbyterian, at sinumang magnanais, ay lumapit. 190 At sinabi ni Jesus, "Lahat ng ibinigay sa Akin ng Ama ay magsisilapit sa Akin, at walang isa man sa kanila ang mapapahamak, at ibabangon Ko silang muli sa mga huling araw." Ay, naku. May inaawit tayong lumang awitin dati sa altar na ito. Hindi ko alam kung magagawa pa natin iyong awitin o hindi, "Room, room, yes, there is room, there's room at the fountain for me." Gusto n'yo ba ang mga lumang awiting iyon? Tipahan n'yo kami, sinuman, sinumang nakakaalam kung papaano itong simulan. Nasaan ang ating pianista? Naririto ba siya? O si Brother Teddy, o sinuman sa kanila na naririto? Ay, naku, Hindi ko siya makita kahit saan. Room, room, yes, there is room, There's room at the fountain for thee;

Oh, room, room, yes, there is room, There's room at the fountain for thee.

105 Gusto n'yo ba ang mga lumang awiting iyon? Gusto ko rin ito. Down at the cross where my Saviour died, Down there for cleansing from sin I cried; Oh, there to my heart was the blood applied; Glory to His name! Glory to His name! (ang Pangalan Niyang mahal) Oh, glory to . . . (Magsipikit tayo ngayon at awitin natin.) Oh, there to my heart was the blood applied; Glory to His name! I am so wondrously saved from sin, Jesus so sweetly abides within, There at the cross where He took me in; Glory to His name! Glory to His name! (ang Pangalang mahal na iyon) Glory to His name! (Pangalang mahal) There to my heart was the blood applied; Glory to His name! 192 Ngayon, habang inaawit natin ang kasunod na talata, makipagkamay kayo sa nasa harapan n'yo, sa likuran n'yo, at sa tabi n'yo. Come, to this fountain so rich and sweet; Cast thy poor soul at the Saviour's feet; Oh, plunge in today, and be made complete; Glory to His name! Glory to His name! (ang Pangalang mahal na iyon) Glory to His precious name! There to my heart was the blood applied; Glory to His name! 193 O, gusto ko iyan. Kayo rin ba? Glory to His . . . (Pangalang mahal)

Glory to His name! (Luwalhati.) . . . to my heart was the blood applied; Glory to His name! 194 Ay, naku. Lubos kong ikinagagalak iyon. Kayo rin ba? Lubos akong nagagalak na maaari akong lumapit sa Bukal na ito na napakasagana at napakatamis, at ilapag ang aking kaluluwa sa paanan ng Manunubos.

106 Naaalala ko isang araw nang ako ay isang bata pa, mga disiotso anyos ako, at tumatakas sa Panginoon. Nagtungo ako sa Kanluran; Gusto kong . . . Mangangabayo ang aking ama, at gusto kong lumabas at magpaamo ng mga kabayo. May kung anong pagkauhaw sa puso ko. Oh, sinasabi ko sa inyo. 196 Nagtungo ako sa mangangaral na Baptist; aniya, "Tumayo ka at ipahayag mo lang na si Jesus ay Anak ng Diyos; ililista namin ang pangalan mo sa aklat." Hindi ako nakuntento ro'n. 197 Saan man ako magtungo ay may isang . . . Isang Seventh-day Adventist, ang pinuntahan ko, isang butihing lalaki, si Brother Barker, kaibig-ibig na kapatid; aniya, "Billy, lumapit ka't tanggapin mo ang Sabbath ng Panginoon." (Natanggap ko na ngayon.) Ngunit sabi niya, "Ang araw ng sabbath . . ." At naisip ko, "Ay, naku, sadyang hindi pa rin ito nalunasan niyon." Kita n'yo?

107 Nagtungo ako sa kanluran, at naisip ko . . . Umakyat kami roon nang malayo nung gabing iyon; tinitipon namin ang mga baka. At, alam n'yo na, tinatanggal mo ang iyong upuan at ang iyong camp bag, at ilalagay mo, at ginagawa mong unan. At nung gabing iyo'y nakahiga ako sa silong ng mga pine tree. At may isang lalaking kung tawagin ay "Slim," na taga-Texas, may gitara siya at siya'y tumutugtog: . . . Glory to His name! 199 At mayroong isa pang lalaki ro'n na may hawak na suklay na may kapisang papel at hinihipan niya iyon. [Hinimig ni Brother Branham ang , "Glory to His Name"—Ed.] Umaawit sila ng iba pang mga awitin, mga ballad na pangkoboy, at inawit nila ang "Down at the Cross." 200 Naku, bumalikad ako, iniangat ko ang aking kumot nang paganito. Tumingin ako sa malayo, alam n'yo na; ang mga bituin ay para bang nakabitin nang napakalapit sa tuktok ng mga punong nasa kabundukang iyon. Ang walang katapusang higing ng mga punong iyon; parang naririnig ko Siyang sumisigaw, "Adan, nasaan ka?"

108 Mga tatlong linggo matapos iyon, bumaba ako sa syudad, at nalasing lahat ng mga kalalakihan, at hindi ako uminom. Kinailangan ko silang ihatid lahat sa kanilang mga bahay, sa kung anong paraan ay napagpatong-patong ko sila

sa kotse. At paglabas nila roon ay nagkabarilan sila ng kanilang mga paa, at lahat na, at mapanganib ang maging kumpiyansa; gumuhit sila ro'n ng isang tuwid na linya, nagpustahan ng limang dolyar para sa sinumang makalalakad dito, at ni hindi sila makalalakad sa bangketang naroroon, alam n'yo na. At gayon ang nangyari hanggang sa lahat sila'y mahimasmagan, matapos na makuha ang kanilang pera. 202 At naroroon ako habang silang lahat ay nag-iinum; nagtungo ako sa parke at naupo. Naisip ko, "Naku, naku . . ." Mga tatlumpu't limang taon na ang nakakalipas o tatlumpu't lima, sa wari ko, tatlumpu't limang taon na nga ang nakalilipas. Naupo ako sa parkeng iyon. Maliit lang ang Phoenix noon; galing kami sa Wickenburg. Naupo ako roon, at may dumaang isang babaeng Kastila na pakendeng-pakendeng; at nakaupo ako roon, may isang malaking sombrero na nasa aking batok. Dumaan siya at inilaglag ang isang panyolito, alam n'yo na. Ang sabi ko, "Hoy, nalaglag mo ang panyo mo." Hindi ako interesado.

109 Nakarinig ako ng kaunting ingay doon sa kalsada, at lumapit ako roon. At nandun ang isang lalaking naligtas sa mga dambahan ng kabayong naroroon, marungis ang kaniyang mukha, at tumutulo ang luha sa kaniyang pisngi, habang tumutugtog ng gitara, at umaawit: Glory to His name! 204 Ay, naku. Habang tumutulo ang mga luha sa kaniyang pisngi, huminto siya at nagsabi, "Kapatid, hindi mo malalaman kung ano ito malibang tanggapan mo ang kamangha-manghang Cristong ito": Glory to His name! 205 At isinuot ko ang malaking sombrero ng iyon at lumayo na ako. Ay, naku. Hindi ka makapagtatago sa Kaniya. Mas mainam pang lumantad ka na at magkumpisal. Oh, Kamangha-mangha Siya. Opo, tunay nga. I am so wondrously saved from sin, Jesus so sweetly abides . . . (nananatili sa atin) There at the cross where He took me in; Glory to His name! Glory to His name! (Pangalan) Glory to His name! Oh, there to my heart was the blood applied; Glory to His name! Oh, come, to this fountain so rich and sweet;

Just cast your poor soul at the Saviour's feet; Oh, plunge in today, and be made complete; Glory to . . . (Ngayon, magsiyuko tayo, itaas natin ngayon ang ating mga kamay.) Glory to His name! (luwalhati, luwalhati) . . . (O Diyos, Pangalang mahal!) There to my heart was the blood applied; Glory to His name!

110 Luwalhati sa Diyos. Tumayo tayo. Oh, sandali lang; sandali lang . . . [May nagsalita ng iba't-ibang wika at nagpaliwanag—Ed.] Opo, Ama. 208 Ngayon, kung mayroon man na hindi nakaaalam kung ano iyon, iyon ang Pentecostes, nangungusap ang Espiritu Santo. Ang sabi ni Jesus, "Humayo kayo sa buong mundo, ipangaral n'yo ang Ebangelyo. Lalakip ang mga tandang ito sa mga magsisisampalataya. Mangagsasalita sila ng mga bagong wika, ipapatong nila ang kanilang kamay sa mga maysakit, at sila'y magsisigaling." Lahat ng mga bagay na ito na Kaniyang sinalita ay matutupad. 209 Oh, lubos akong nagagalak. Nakita n'yo kung papaanong dumating ang Espiritu Santo at pinatunayan ang Salita? Isang Liwanag, tanggapan n'yo, huwag n'yong pagdudahan. Tanggapan n'yo lang, at papatnubayan Niya kayo tulad sa isang bata at palalakihin. Hindi ba't napakagiliw ng Espiritu Santo ngayon? Ang Espiritu Santo ang nasa atin. 210 Naaalala ko minsan sa Biblia, hindi nila alam kung saan hahantong ang bagay na iyon, paparating na ang kaaway, at binabaan ng Espiritu Santo ang isang lalaki at sinabi sa kanila kung saan sila talaga dapat pumunta. At tumungo sila roon, at nilito ng Diyos ang kabilang hukbo at pinuksa sila. Tama. 211 Oh, nabubuhay pa rin tayo sa mga kaarawan ng Biblia, hindi ba? At sa tuwina, habang nariyan ang Espiritu Santo . . .

111 O, magsitayo tayo habang tayo'y umaawit . . . Take the Name of Jesus with . . . (Tandaan n'yo ang Mensahe.) Child of sorrow and of woe; It will joy and comfort give you, Take it everywhere you go. Precious name, (precious Name) . . . (O how sweet.)

Hope of earth and joy of heaven; Precious name, (Ang Pangalang mahal na iyon), how sweet! Hope of earth and joy of heaven. Take the Name of Jesus with you, As a shield from every snare; When temptations 'round you gather, Breathe that holy name in prayer. (Praise God.) Precious name, (precious Name) . . . (O how sweet.) Hope of earth and joy of heaven; Precious name, (precious Name), O how sweet! Hope of earth and joy of heaven.

112 Pakinggan n'yo ang talatang iyon. Take the Name of Jesus with you, As a shield from every snare; When temptations around you gather, Breathe that holy name in prayer. O, awitin natin itong muli. Take the Name of Jesus with you, As a shield from every snare; When temptations 'round you gather, Breathe that holy name in prayer. (Iyuko natin ang ating mga ulo ngayon.) Precious name, (precious Name), O how sweet! Hope of earth and joy of heaven; Precious name, O how sweet! (How sweet!) Hope of earth and joy of heaven.



www.messagehub.info

Pangangal ni

William Marrion Branham

"... sa mga araw ng tinig ..." Apocalipsis 10:7